Sino nga ba Itong si Melquisedec

Jeffersonville, Indiana, USA
Pebrero 21, 1965

1 Magsiyuko tayo para sa panalangin. Mahal naming Makalangit na Ama, kapag naririnig naming ang awiting ito na Only Believe, ipinababatid sa amin na iyon lang ang kailangan naming gawin upang magmana na alin man sa mga pangako ng Diyos, ang paniwalaan lamang ang mga iyon. Sapagkat nasusulat, "Lahat ng mga bagay ay possible sa mga sumasampalataya." Habang kami ay nagsusumamo, tulad ng lalaking may epileptic na anak, " Panginoon, sumasampalataya ako, tulungan Mo ang kakukalangan na aking pananampalataya!". . .

Pinasasalamatan Ka naming dahil sa Iyong dakilang kapangyarihan, sa Iyong dakilang kapahayagan ng Iyong Sarili sa amin sa huling araw na ito. Lubos na naliligayahan at nagagalak ang aming puso, na malamang nakaniig naming ang buhay na Diyos; na Siya naming nagbinbindika nito bilang tugon sa anyong pisikal, at material na katibayan, tulad ng ginawa Niya sa mga nagdaang panahaon, at katulad ng ipinangako Niya sa araw na ito. Labis kaming nagpapasalamat sa Iyo, aming Diyos. Sa madilim na panahong ito kung saan ay tila walang sinumanng nakaaalam kung aling landas ang dapat tahakin, nagagalak kami na natagpuan namin ang ligtas na pook, ang dakong matatakbuhan.

Pagpalain Mo kami ngayong gabi, Panginoon, habang ipinangungusap namin ang Iyong Salita. At ang mga pangakong ibinigay sa amin, ingatan nawa namin ang mga ito sa aming mga puso, pakamahalin nawa namin ang mga ito ng may pagpipitagan, at sundin ang mga ito nang may tunay na makadiyos na disiplina. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

2 Oh, ku-. . . ? . . .ng love offering. Hindi n'yo dapat - hindi n'yo dapat ginawa iyan. Sino ba ang nanghingi? Ikaw ba ang may sala? Inilalagay ko ang sisi sa Tagapangasiwa. Ang sabi niya ay nangalap siya ng love offering para sa akin. Hindi niya dapat ginawa iyon. Pinahahalahagan ko iyan, alam ng Diyos iyan, ngunit hindi ako naparito dahil diyan. Salamat sa inyo. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon. Gagawin ko ang lahat ng magagawa ko. Ilalagay ko kaagad iyan para sa misyon sa ibang bansa, sa gano'n ay tiyak kong pupunta iyan sa kaharian ng Diyos. At kung loloobin ng Panginoon, ako mismo ang magdadala niyan sa mga bansa. Upng maihatid ang Ebanghelyo ring Ito na dahilan ng inyong pag-upo riyan, atinyong pinakikinggan sa buong linnggong ito, kung mgkagayo'y alam kong maisasagawa ito sa paraang pinaniniwalaan ninyo. Tulungan nawa ako ng Panginoon na maisagawa ito.

Lubos akong nagpapasalamat dahil sa malaking bilang ng mga taong nagsidalo sa buong linggong ito, at sa inyong lahat na muling nakahook-up sa gabing ito sa pamamagitan ng telepono. At kami'y nagpapasalamat sa bawat isa sa inyo.

3 Sinabi ni Billy sa akin ngayong umaga, ang sabi niya, "Daddy, kung kasama lang kitang dumating kaninang umaga, maaga pa, pagsikat na pagsikat ng araw, at kung tatayo ka sa mga lugar na ito sa paligid at makikita mo ang mga inang nagpapakain ng kanilang mga sanggol sa kotse, ang mga kawawang taong iyon na nakaupo roo't nauulanan, naghihintay na magbukas ang mga pintuan . . . " Nakikita ba ninyo kung gaano ako kalaking ipokrito kung magsasabi ako sa inyo ng anuman maliban sa katotohanan? Magiging talagang napakasama kong tao. Magkaminsan, kailangan kong makasakit? ngunit hindi dahil gusto kong makasakit, ito'y dahil sa . . . Hindi ako ang nananakit, Ang katotohanan ang nananakit. At ako - ako'y . . . Ngunit naniniwala ako na iyon ang dahilan kaya kayo pumarito, sapagkat totoo akong nagtatapat sa inyo, at ginagawa ko ang abot ng makakaya ko upang tulungan kayo. Tulungan nawa ng Panginoon ang bawat isa sa inyo.

4 At ngayon ay nais kong pasalamatan ang mga tao sa kanilang mabuting pakikipagtulungan, gayundin ang mga mamamayan ng lunsod na ito, na nagkaloob sa atin, at pumayag na maupaha natin ang eskwelahang ito, ang awditoryum na ito at gym. At nais ko ring pasalamatan ang mga opisyal kung kayo'y naririto. At gayundin nais ko ring pasalamatan si Thurston Colvin, na siya ring katiwala rito, dahil sa kaniyang mainam na pakikipagtulungan sa atin upang makuha ito at maging sa ginagawa niyang pagsama sa atin gabi-gabi.

Pinasasalamatan natin ang Pulisya ng Jeffersonville sa kanilang pagparito at pagbabantay, sa napakamurang halaga. Wari ko 'y dalawang dolyar lamang bawat oras, upang maitalaga ang mga pulis dito sa isang dipangkaraniwang tungkulin sa pagpaparada ng ga kotse, tinitiyak nilang walang anumang mangyayari, ay mabuti ang lagay ng lahat ng bagay. Nagpapasalamat tayo sa mga tao dito dahil diyan. At sa - sa, gayundin sa inhinyero sa sanggunian dito. Napansin ko siya kanina. At sa lahat ng may kaugnayan ditto, tunay na nagpapasalamat kami sa inyo.

5 Pinasasalamatan ko ang bawat isa sa inyo dahil sa mga regalo n'yo. Kadadala lang sa akin ni Billy, kaninang hapon, ng i — isang regalo, ilan sa mga ito, at ng mga kahon, ng kendi, at iba pa. At isa sa mga ito ay ang — ang Beatitudes na isinulat sa paraang mababanaag ang larawan ni Cristo, ang Sermon sa Bundok. At talagang napakaganda nito. Tunay ngang pinasasalamatan ko kayo. At napakaraming bagay, hindi ko alam kung papaano ko kayong pasasalamatan. At gayundin sa inyong — pagtataguyod, pagtustos sa pagtitipon, tunay ngang pinahahalagahan namin iyan, nang taos sa aming puso. Pagpalain

ng Panginoon ang bawat isa sa inyo nang masagana.

Ang sabi ni Billy, maraming humihiling ng sarilinang pakikipanayarn sa panahong ito. At maraming humiling na maihandog ang kanilang mumunting mga sanggol. Oh, talagang gustung- gusto kong ginagawa iyan!

Ngunit, kita n'yo, napakahalaga ng pagparito ko ngayon. Kinakailangan kong palagiang manatili sa pag-aaral ng Salitang ito at sa pananalangin. Higit sa karaniwan ang mga bagay na ito sa atin sapagkat ito'y isang pagsasaliksik ng kalooban ng Diyos at pagkatapos ay ipahahayag ang mga bagay na ito. At lahat ng iyon ay kailangang maglakip, at tinatanong ko sa Diyos kung alin ang dapat buksan.

6 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, kami'y magbabalik kaagad, sa sandaling makakita kami ng tamang araw. Nagmumungkahi a — ako, o — o may nabanggit ako tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay. Makabubuting tingnan ko iyon, sapagkat palagay ko'y may nakatakdang idaos na gawain sa California sa mga panahong iyon. Kaya maaaring mali iyon. Gayunman, pagbalik namin sa Tabernakulo, padadalhan namin kayo ng card, at — at ibibigay sa inyo ng simbahan ang petsa at ang oras. Pagkatapos.. . marahil sa panahong lyon, muli kong.. .

Hindi ako nakapaglaan ng panahon sa pananalangin para sa maysakit. Hindi pa tayo nagkaroon ng isang gawain kung saa'y pinalapit natin ang mga tao upang sila'y ipanalangin. Ipinadadala namin ang mga lyon. At ang mga kapatid natin dito ay nangangaral, sina Brother Lee Vayle at Brother. . . Ang iba pa nating mga kapatid na ito ay nangangaral, at nananalangin para sa mga maysakit, at nagsasagawa ng — ng bautismo sa tubig, ang ibig kong sabihin ay nagbabautismo, at hinahayaan akong manatiling nag-iisa sa pag-aaral ng Salita. Pinasasalamatan natin ang mga kalalakihang ito. Napakahusay ng trabaho nila

7 . 13. Napakaraming mga kaibigang naririto ngayon ang nais kong makatagpo. Nakatingin ako at nakikita ko sina John at Earl. At hayun si Doctor Lee Vayle, isa sa mga tagapamahala ng kampanyang ito — si Brother Roy Borders. Ang mga lalaking iyon na hindi ko man lang. . . Ni hindi ko man lang makamayan. Hindi pa ako nagkaroon ng pagkakataon. Naiisip ko ang mga kaibigan kong taga-Kentucky, at dito sa mga karatig na lugar, at mga kaibigang ministro, gayon na lang ang pagnanasa kong makamayan sila! Si Brother Blair, napansin ko siya rito noong isang araw. At marami sa mga kalalakihang iyon na ma — mahal sa akin; dumalo sila sa marami sa mga gawain, at ni hindi ko man lang sila nakamayan. Nag — nagsisikap ako.. . Hindi sa ayaw kong gawin iyon; ito'y dahil sa wala akong panahong gawin iyon, at sadyang ako'y nagmamadali.

8 Pag-aalay sa mga sanggol, aba'y oo. Ang sarili kong anak, ang munti kong apong lalaki ay iaalay din sa gawaing ito. Hindi ako nagkaroon ng oras para gawin iyon; ang munting si David. Lolo na ako, makalawa na. Kaya, G. May, kung naririto siya ngayong gabi, ang ginoong nagbigay sa akin ng tungkod, tila di na maglalaon at kakailanganin ko nang gamitin lyon, kaya...

At, sinabihan ko si Billy; ang sabi ko, "Sinabi nga ng Biblia na magpakarami kayo at kalatan ninyo ang lupa, subalit hindi lang naman sa iyo ibinigay ang buong pasaning ito." At masyadong mabilis ang paglitaw ng mga apo kong ito.

At, alalahanin, na noong una ay baog ang manugang kong babae. Hindi siya maaaring magkaanak. At isang araw, paalis na ako upang dumalo sa isang gawain, nang mangusap ang Panginoon sa akin at ang sabi ko, "Loyce, manganganak ka ng isang batang lalaki. Pinagpala ka ng Panginoon. Wala na ang pambabaeng sakit mo." Isinilang ang batang Si Paul, makalipas ang siyam na buwan.

9 Dalawang buwan bago dumating sa eksena ang sanggol na ito, nakaupo ako at nag-aalmusal isang umaga, sa mesa, at sina Loyce at Billy ay nakaupo sa harap ko. At nakita kong nagpapakain si Loyce ng isang sanggol na may kulay rosas na. . . o nakabalot ito ng asul na lampin. At nakaupo si Billy sa sulok, pinakakain naman si Paul. Ang sabi ko, "Billy, nakakita ako ng isang pangitain ngayon-ngayon lang. Nagpapakain si Loyce ng isang sanggol na asul ang lampin."

Ang sabi niya, "Hindi na matutuloy ang aking pangangaso. Siyam na buwan na lang lyon mula ngayon."

Makalipas ang labing-isang buwan, isinilang naman si David. At hindi ko pa siya naiaalay sa Panginoon, at hindi ko iyon magagawa hanggang sa muli naming pagbabalik. Kaya nakikita na ninyo kung ano lyon.

10 Mahal na mahal ko ang mga tao sampu ng kanilang pakikisama! Ngunit matagal nang nananalangin para sa maysakit ang ating mga kapatid, at alam kong matagumpay iyon. Dati kaming nananalangin gabi-gabi para sa mga maysakit, ipinapatong ang aming mga kamay sa isa't-isa, kaming lahat, at sa gayong paraan nasakop namin ang lahat. Ngunit marahil, kung loloobin ng Diyos . . . Mamarkahan ko iyon sa card, kapag ipinadala namin. Sa pagbalik ko, nais kong maglaan muli ng mga dalawa o tatlong araw, para manalangin lang sa mga maysakit at gagawin natin ang magagawa natin sa gayong paraan. Ngayon, nais kong muling pasalamatan ang mga tao dahil sa kanilang tulong.

11 Ngayon nais ko lang magbigay ng pahayag sandali, tungkol sa — tungkol sa mensahe kaninang umaga. Walang dudang hindi ko iyon lubos na natapos, ngunit sa palagay ko nama'y nauunawaan n'yo. At tiyak akong hindi ninyo . . . Hinding-hindi ninyo malalaman kung ano ang kailangan kong danasin para ko magawa iyon.

Ngayon, tila napakapayak no'n para sa inyo. Ngunit, nauunawaan ba ninyo kung ano'ng ginagawa mo? Kinukuha mo ang lugar ng Diyos, upang bigkasin ang Isang bagay. At bago ko gawin lyon, kailangan nitong dumating bilang sagot mula sa Diyos. Kinailangan Niyang bumaba, at ipakita ang Sarili Niya, at ibigay ang Kapahayagan. Samakatuwid, (kita n'yo), ito ay sa iglesiang ito. At alalahanin n'yo na ang sabi ko, "Ang mga nabanggit kong ito ay para lang sa iglesiang ito."

At nang sa gano'n ay magtiwala kayo at malaman ninyo na iyon din ang Diyos na nagsabi sa akin doon sa itaas kung saa'y walang squirrel na, "Magsalita ka, at sabihin mo kung saan lilitaw ang mga iyon." At nangyari iyon sa tatlong magkakasunod na pagkakataon. Ngayon, kung nakalilikha Siya sa pamamagitan ng Salita ring iyon ng isang bagay na wala roon, lalo nang magiging matatag ito sa araw ng paghuhukom. Kita n'yo? May mga taong naroroon na nakakita sa mga bagay na ito, at alam nila tulad ng sinabi ni Pablo, noong araw, may mga kasama siyang tao na na — nakaramdam ng pagyanig ng lupa; at hindi nila narinig ang tinig, ngunit nakita nila ang — ang Haliging Apoy.

12 Gayon man ay nakabuti iyon sa akin dahil nang matapos iyon, nakita kong nagyayakapan at umiiyak ang mga mag-asawang alam kong mga tunay na Cristiano.

At makinig, mga kaibigan, pinagtitibay ng Diyos ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng mga tanda at bindikasyon, upang patunayang tama nga Ito. Ang binigkas na Salita. Ngayon, alalahanin, ang Liwanag na nasa Ulap na iyon ang nagbigay ng Kapahayagan. . .

Ako ay... Ang sabi sa akin nitong anak kong si Sarah kanina, na nang sila'y . . . Ang buong paaralang iyon sa Arizona ay nakatingala noon sa isang maaliwalas na kalangitan, at tinitingnan nila ang mahiwagang ulap na nasa bundok na iyon, na panhik-panaog, may nagliliyab na madilaw na Apoy. Pinatigil ng guro ang mga klase at ang buong paaralan, at pinalabas sila sa harapan, at ang sabi, "Nakakita na ba kayo ng ganiyan? Masdan n'yo ang anyo niyan."

Alalahanin, iyon din ang kulay Apoy na Liwanag na nasa ibabaw ng bato. Kaya iyon din ang Diyos na lyon, ang siya ring Kapahayagan, na nagsabi, "Sabihin mo sa kanila na ganito ang gawin nila." lyon ang sinabi ko sa inyo kaninang umaga, kaya iyon na lyon.

13 Kung sakaling nakikinig sa Tucson ang matalik kong kaibigang si Brother Roy Roberson. Roy, naaalala mo ba, nung isang araw, ang nakita mong pangitain habang nakatayo tayo roon sa ibabaw ng bundok? Lumapit ka sa akin at naroon ang ulap na iyon sa tuktok? Nanaog ka, alam mo kung ano'ng sinabi Niya sa iyo; kung ano ang sinabi ko sa iyo sa bahay, nung isang araw? lyon na iyon, Roy. Huwag ka nang mag-alala pa, anak ko; tapos na iyon.

Hindi lang ninyo alam kung anong kahulugan nito! Biyaya iyon. Mahal Niya kayo. At mahalin ninyo Siya, paglingkuran ninyo Siya nang buong pagpapakumbaba at sambahin n'yo Siya sa nalalabing araw ng buhay ninyo. Magpakaligaya kayo, magpatuloy kayo at mamuhay kayo gaya nang ginagawa ninyo ngayon. Kung maligaya kayo, manatili kayong ganiyan. Huwag na kayong muli pang gagawa ng mali, tulad ng dati. Magpatuloy lang kayo. Biyaya lyon ng Diyos.

14 Ngayon ay nais ko muling manalangin bago tayo tumungo sa Salita. Ilan ba ang mananalangin para sa akin? Sunud-sunod ang mga gawaing dadaluhan ko, mananalangin ba kayo?

Alam n'yo, nais ko kayong awitan ng isang munting awitin, sabay-sabay tayong lahat, bago tayo dumako sa Salita. Para lang.. . upang malaman natin na ang Diyos.. . Para ito sa pagaalay. Narinig na ba ninyo ang awiting Mahal ka ni Jesus? "Umulan man o umaraw; Mahal ka ni Jesus."

Papalapit na ang babae sa piano. Siyanga pala, nais ko ring pasalamatan ang babaeng ito. Ni hindi ko siya kilala. Anak siya ng isa sa mga diyakuno rito. Ako'y tiyak na. . . Anak siya ni Brother Wheeler. Malaki na siya ngayon. Napakaliit pa niya noong kumakandong pa siya sa akin, hindi pa katagalan, at ngayon ay dalagita na siya. Kaya tunay na pinasasalamatan ko siya dahil ginagamit niya ang talento niya sa musika, at ngayon napakahusay na niyang tumugtog. Maaaari bang ibigay mo sa amin ang tipa, kapatid? Sabay-sabay tayong lahat ngayon.

Mahal ka ni Jesus;

Mahal ka ni Jesus;

Umulan man o umaraw

Mahal ka ni Jesus."

Gusto ba ninyo iyan? Awitin nating mull nang sabay-sabay.

Mahal ka ni Jesus;

Mahal ka ni Jesus;

Umulan man o umaraw

Mahal ka ni Jesus.

(Brother Dauch, gano 'n din Siya sa iyo, kapatid.) Hindi ba't mahal n'yo Siya? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." —Ed.]

Magsiyuko tayo ngayon.

15 Mahal naming Mabiyayang Diyos, sa kaunting talang naririto ngayon tungkol sa ilang mga bagay na nais kong ipangusap sa mga tao, at muli akong nagbalik upang muling tukuyin ang naipangusap kaninang umaga, sapagkat iyon ang ipinarito ng mga tao. Idinadalangin ko, Diyos, na ipakita Mo sa mga tao na ang Diyos ay nagmamahal at nagmamalasakit. At hindi ako ang nagbigay Niyon, Panginoon. Napatunayan na, na iyon ay Katotohanan. Kaya dinadalangin ko, Mahal na Diyos, na manatili sa tuwina ang pag-ibig Mo sa kalagitnaan ng Iyong bayan. Ngayong gabi, ang maghiwa-hiwalay matapos ang pagtitipong ito upang mag-uwian kami sa aming mga tahanan, pa — para kami nitong hinahatak, nang malalim, Panginoon. Idinadalangin ko na pagpalain Mo ang mga taong ito.

Ngayon sa paglapit namin sa Salita sa isang panalangin, at lumalapit kami sa nasusulat na Salita, hinihiling naming kunin Mo ang nasusulat na Salitang Ito at buhayin Mo ito sa amin ngayong gabi. At paglisan namin sa gusaling Ito ngayong gabi upang maghiwa-hiwalay sa pag-uwi sa aming mga tahanan, magawa nawa naming sabihin ang tulad niyaong mga nanggaling sa Emmaus, na kasama Niyang naglakad maghapon at hindi pa rin nila Siya nakilala.. . ngunit nang papasukin Niya sila sa silid noong gabing lyon, at naipinid na ang mga pinto, gumawa Siya ng isang bagay na ginawa Niya bago Siya ipako sa krus. Sa pamamagitan nito, nalaman nilang nagbangon Siyang muli.

Gawin Mo iyang muli ngayong gabi, Panginoon. Itulot Mo ito, habang nakasara ang mga pinto, at ang maliit Mong kapisanan ay naririto't nakaupo, naghihintay. At, Ama, pag-uwi namin, nawa'y magawa naming sabihin ang gaya ng sinabi nila, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa kalooban natin habang nangungusap Siya sa atin sa daan?" Ipinagtitiwala namin ang aming mga sarili, sampu ng lahat ng bagay, sa Iyong mga kamay, Panginoon. Gawin Mo sa amin ang nakikita Mong nararapat. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

16 Ngayon dadako na tayo kaagad sa gawain, nang mabilis. Samahan n'yo akong bumuklat ngayon, kung nais n'yo, sa Aklat ng mga Hebreo, at isa na naman itong kapahayagan sa Mensahe. Mangungusap tayo sa loob lamang ng kaunting panahon ngayong gabi, kung loloobin ng Panginoon. At habang binabasa natin ang unang tatlong talata ng Mga Hebreo 7:1 hanggang 3, gagawa tayo ng pahayag tungkol dito. . . At hindi natin alam kung ano'ng gagawin ng Panginoon; hindi natin alam. Ang tanging ginagawa natin ay ang sumampalataya lamang, magmatyag, manalangin. (Tama ba iyon?) At sumasampalataya na "Paglalakip-lakipin Niya ang bahat ng mga bagay sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Kaniya," sapagkat ipinangako Niya.

Sapagka't itong si Meiquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataas-taasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sapaglipol sa mga hari at siya'y pinagpala niya,

Na siya namang binahaginan ni Abraham ng ikasampung bahagi ng lahat na kung sasaysayin, una — una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;

(Bumasa tayo nang kaunti pa.)

Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa 't naging katulad ng Anak ng Dios, ay nananatiling saserdote magpakailan man.

17 Isipin ninyo ang dakilang Personang ito, kung gaano nga ba kadakila ang Lalaking Ito! At ngayon, ang tanong ay, "Sino ba ang Lalaking Ito?" Nagkaroon na ng iba't-ibang mga kuru-kuro ang mga teologo. Subalit mula nang mabuksan ang Pitong Tatak, ang mahiwagang Aklat na naging mahiwaga sa atin .. . Ayon sa Apocalipsis 10:1 hanggang 7, lahat ng mga hiwagang nakasulat sa Aklat na ito, na naitago sa buong kapanahunan ng mga reformer, ay ilalantad ng anghel ng huling kapanahunan ng iglesia. Ilan ba ang nakaaalam na tama iyan? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." —Ed.] Tama lyan, dapat itong mailantad. Lahat ng mga hiwaga ng mahiwagang Aklat ay maihahayag sa mensahero ng kapanahunan ng Laodicea.

Dahil nakikita nating maraming pagtatalo tungkol sa Personang Ito at sa paksang Ito, sa palagay ko'y nararapat lang na suriin natin ito, upang malaman natin kung Sino nga ba ito. Ngayon, may ilang kaisipan

tungkol sa Kaniya.

Ang isa sa mga kaisipan ay nagsasabing, isa lamang Siyang alamat. Hindi naman talaga Siya isang persona.

At ang iba naman ay nagsasabing, pagkasaserdote, ito ang pagkasaserdote ni Melquisedec. Ang isang iyon ang pinakamalapit, mas matatag ang panig na iyon kaysa doon sa isa, sapagkat sinasabi nilang isa itong pagkasaserdote.

Hindi ito maaaning maging ganoon, sapagkat sinasabi ng ika-4 na talata na isa Siyang Persona, isang Tao. Samakatuwid, upang maging isang Persona, kailangan Niyang maging isang personalidad, isang Tao. Hindi isang orden, kundi isang Persona! 36. Kaya hindi lamang siya isang uri ng pagkasaserdote, at hindi rin Siya isang alamat. Isa Siyang Persona.

18 At ang Personang ito ay eternal. Kung mapapansin ninyo, wala Siyang ama. Wala Siyang ina. Wala Siyang pasimula. At wala Siyang katapusan. At kung Sino man Siya, nabubbuhay pa rin Siya magpahanggang sa gabing ito, sapagkat sinabi ng Biblia dito, wala Siyang ama, o ina, o pasimula ng mga araw, o katapusan man ng buhay. Kaya sinabi ng Biblia dito, na, "Wala Siyang ama, o ma, o pasimula ng mga araw, o katapusan man ng buhay. Kaya isa Itong Eternal na Persona. Tama ba? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." —Ed.] Isang Personang Eternal! Kaya isang Persona lang ang maaaring magkagayon, iyon ay ang Diyos, pagkat Siya lamang ang Nag-iisang Eternal. Ang Diyos!

Ngayon, sa Unang Timoteo 6:15 at 16, kung nais ninyo itong basahin minsan, nais kong basahin ninyo Ito. Ngayon, ang bagay na pinaglalaban ko ay, ang Kaniyang Pagkadiyos, sapagkat Siya lamang ang tanging Personang maaaring maging imortal. At ngayon, binabago ng Diyos ang Sarili Niya tungo sa pagiging isang Persona; iyon nga Siya noon, walang ama, walang ina, walang pasimula ng buhay, walang katapusan ang Kaniyang mga araw.

19 Ngayon makikita natin na sa Kasulatan ay maraming tao ang nagtuturo na may tatlong personalidad sa Pagkadiyos. Kung gayon, hindi ka maaaring magkaroon ng personalidad kung hindi ka isang persona. Kakailanganin ang isang persona para magkaroon ng isang personalidad.

May isang ministrong Babtist na nagpunta sa bahay namin, ilang linggo na ang nakararaan, at ang sabi, "Nais kong ituwid ka tungkol sa Pagkadiyos kung may panahon ka." Tinawagan niya pala ako.

Ang sabi ko, "May panahon ako ngayon, pagkat nais kong magpatuwid, at ipagpapaliban natin ang lahat ng iba pang bagay, para magawa natin ito."

At dumating siya, ang sabi niya, "Brother Branham, itinuturo mong lisa lang ang Diyos."

Ang sabi ko, "Opo."

Ang sabi niya, "Buweno," ang sabi niya, "naniniwala akong may iisang Diyos sa tatlong Persona."

Ang sabi ko, "Ginoo, pakiulit mo nga."

Ang sabi niya, "Isang Diyos, sa tatlong persona."

Ang sabi ko, "Saang paaralan ka ba nag-aral?" Kita n'yo? At sinabi niya sa akin ang isang — isang Bible College. Ang sabi ko, "Maaari kong paniwalaan iyan. Hindi ka maaaring maging isang persona kung hindi ka isang personalidad. Kung ika'y isang personalidad, ikaw ay isang personalidad sa sarili mo. Ika'y isang hiwalay na indibidwal."

At ang sabi ko, "Makukuha ito sa pamamagitan ng kapahayagan." At ang sabi niya, "Hindi ko matatanggap ang kapahayagan."

Ang sabi ko, "Kung gayon ay walang paraan upang maabot ka ng Diyos, sapagkat, 'Ito'y itinago sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at inihayag sa mga sanggol,' (inihayag, kapahayagan), 'inihayag sa mga sanggol na handang tumanggap dito, handang matuto." At ang sabi ko, "Walang paraan para maabot ka ng Diyos, sinasarhan mo ang sarili mo sa Kaniya.

Ang buong Biblia ay ang kapahayagan ng Diyos. Ang buong iglesia ay itinatag sa ibabaw ng kapahayagan ng Diyos. Walang ibang paraan upang makilala ang Diyos, tanging sa pamamagitan lamang ng kapahayagan. 'Sa kanino man Siya ihayag ng anak,' kapahayagan; ang lahat ay kapahayagan. Kaya, kung hindi mo tatanggapin ang kapahayagan. Kung gayo'y isa ka lamang malamig na teologo, at wala kang pag-asa."

20 Ngayon, nalaman natin na ang Personang ito ay walang ama, walang ina, walang pasimula ng mga araw o katapusan ng buhay. Ang Diyos lyon, na En morphe.

Ngayon, ang daigdig — ang salitang ito ay galing, ang salitang Griego na nangangahulugang,

"pagpapalit", iyan ang ginamit. Binabago Niya ang Kaniyang Sarili, En morphe, mula sa isang persona bingo sa.. . Iisang Persona; ang salitang Griego roon, na En morphe, ay nangangahulugang. . . Hinango ito sa dula, "ang isang personang nagpapalit ng kaniyang maskara, upang iba naman ang tauhang gagampanan niya."

Katulad sa — sa eskuwelahan, kamakailan lang, sa paniwala ko'y si Rebekah, bago siya nagtapos, isinadula nila ang isa sa mga dula ni Shakespeare. At kinailangang palitan ng isang binata ang kaniyang damit nang ilang beses, sapagkat dalawa o tatlong bahagi ang ginampanan niya; ngunit iisang persona siya. Lumabas siya, minsan, bilang kontrabida; at nang muli siyang lumabas, ibang tauhan na naman siya. At ngayon ang salitang Griego, na En morphe, ay nangangahulugang nagpalit siya ng kaniyang maskara.

21 At lyon ang ginawa ng Diyos. Iisang Diyos lyon sa lahat ng panahon. Diyos sa anyo ng Ama, ang — ang Espiritu, ang Haliging Apoy. Ang Diyos ding iyon ang nahayag sa laman at nanahang kasama natin, En morphe, inilabas ang Sarili upang makita. At ngayon ang Diyos ding lyon ay ang Espiritu Santo. Ama, Anak, Espi-. . . hindi tatlong Diyos; tatlong opisina, tatlong pagganap ng iisang Diyos.

Ang sabi ng Biblia ay iisa lamang ang Diyos, hindi tatlo. Ngunit kaya hindi nila magagawang. . . Hindi mo ito magagawang ituwid at pagkatapos lalabas na tatlo ang Diyos. Hindi mo iyan maaaring sabihin sa isang Judio. Sasabihin ko iyan sa inyo. Higit diyan ang alam niya, alam niyang lisa lang ang Diyos.

22 Pansinin, tulad ng eskultor, tinatakpan niya iyon ng i — isang maskara. lyan ang ginawa ng Diyos sa kapanahunang ito. Naikubli ito. Lahat ng mga bagay na ito ay naikubli, at nakatakdang mahayag sa kapanahunang ito. Ngayon, ayon sa Biblia ang mga ito ay maihahayag sa huling panahon. Tulad ng isang eskultor na tinatalukbungan ang ka — kaniyang ginawa hanggang dumating aug takdang oras upang alisin niya ang maskara nito at hayun na nga.

At ganiyan ang nangyari sa Biblia. Ito'y gawa ng Diyos na natalukbungan. At naikubli ito mula pa nang itatag ang sanlibutan, sampu ng pitong luping hiwaga nito, at ipinangako ng Diyos sa araw na ito, sa kapanahunang Ito ng iglesiang Laodicea, na aalisin Niya ang talukbong sa kabuuan nito at makikita na natin ito. Napakaluwalhating bagay nito,

Na ang Diyos, En morphe, namaskarahan sa Haliging Apoy. Ang Diyos, na nag "En morphe," sa isang Tao na kung tawagin ay Jesus. Ang Diyos, na nag "En morphe" sa Kanlyang Iglesia. Ang Diyos na nasa itaas natin, ang Diyos na kasama natin, ang Diyos na nananahan sa atin; ang unti-unting pagbababa ng Diyos. Doon sa Itaas, banal Siya, walang makahipo sa Kaniya, lumapag Siya sa bundok; at maging ang hayop na magagawi sa bundok, ay kailangang mamatay.

At pagkatapos ay bumaba ang Diyos at nagpalit ng Kaniyang kulandong, at nanaog Siya at namuhay na kasama natin, naging kaisa natin, at nahawakan namin Siya, ang sabi ng Biblia. Unang TImoteo 3:16, "At walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; pagkat ang Diyos ay nahayag sa laman," nahipo ng mga kamay. Kumain ang Diyos ng kame. Uminom Siya ng tubig. Natulog Siya. Umiyak siya. Naging isa Siya sa atin; napakaganda, naitipo Ito sa Biblia.

lyon ang Diyos na nasa sa itaas natin; ang Diyos na kasama natin; ngayon naman ay Siya ang Diyos na nananahan sa atin, ang Espiritu Santo. Hindi ang ikatlong persona; ang siya ring Persona!

23 Nanaog ang Diyos at naging laman Siya, at namatay Siya kay Cristo; upang magawa Niyang linisin ang iglesia, upang magawa Niyang pumasok dito, at makasama Niya ito. Gustung-gusto ng Diyos ang pakikisama. lyon ang dahilan kaya Niya nilikha ang tao sa pasimula, para sa pakikisama. Nag-iisa ang Diyos noon, kasama ng mga Kerubin.

At pansinin ninyo ngayon, nilikha Niya ang tao, at ang tao ay nalugmok. Kaya bumaba Siya at tinubos ang tao, sapagkat gustung-gusto ng Diyos na sinasamba Siya. Ang kahulugan ng salitang "diyos" ay "isang bagay na sinasamba."

At itong dumarating sa kalagitnaan natin, bilang Haliging Apoy, isang bagay na bumabago sa ating mga puso, ito rin ang Diyos na nagsabi, "Magkaroon nawa ng liwanag," at nagkaroon nga ng liwanag. Siya'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man

24 Ngayon, sa pasimula ang Diyos ay nananahang mag-isa, kasama ng Kaniyang mga katangian, tulad ng ipinangusap ko kaninang umaga. lyon ay mga kaisipan Niya. Wala pang anumang bagay noon, ang Diyos lamang, ngunit may taglay Siyang mga kaisipan.

Katulad ng magagawang maupo ng isang mahusay na arkitekto, at sa kaniyang kaisipan, ay nakaguguhit siya ng kung ano ang iniisip niya na — nais niyang i — itayo, Iumilikha siya. Ngayon,hindi niya kayang lumikha; magagawa niyang kunin ang isang bagay na nalikha na at baguhin ang anyo nito; pagkat ang Diyos ang tanging paraan — ang Nag-iisang may kakayanang lumikha. Ngunit binubuo niya sa kaniyang kaisipan kung ano'ng gagawin niya, at iyon ang kaniyang mga kaisipan, iyon ang kaniyang mga

pagnanasa. Ngayon, isa lyong kaisipan, pagkatapos ay sinalita niya lyon, at isa na iyong satita kung magkagayon. At ang i — isang salita ay. . .

Ang isang kaisipan, kapag nahayag na, ay nagiging isa nang salita. Ang isang kaisipang nahayag ay isang salita. Ngunit kailangan muna itong maging isang kaisipan. Kaya ito'y mga katangian ng Diyos; pagkatapos ay magiging isa iyong kaisipan, pagkatapos ay magiging salita.

25 Pansinin. Ang mga taong may Buhay na Walang Hanggan, sa gabing ito, ay kasama na Niya noon at nasa sa Kaniya na, sa Kaniyang kaisipan, bago pa magkaroon ng Anghel, ng tala, ng Kerubin, o ng iba pang bagay. lyon ay eternal. At kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, naroon ka na sa lahat ng panahon. Hindi ang paglitaw mo rito, kundi aug hugis at anyo ng. . . ng infinite na Diyos.

At kung hindi Siya infinite, hindi Siya Diyos. Infinite dapat ang Diyos. Tayo ay finite, Siya ay infinite. At nasa lahat Siya ng dako, alam Niya ang lahat ng bagay, at kaya Niyang gawin ang lahat ng bagay. Kung hindi Siya gayon, hindi Siya maaaring maging Diyos. Alam Niya ang lahat ng bagay, ang lahat ng dako, dahil sa Kaniyang pagiging omnipresent. Dahil alam Niya ang lahat ng bagay, naroon din Siya sa lahat ng dako. Isa Siyang Persona; hindi Siya tulad ng hangin. Isa siyang Persona; tumatahan Siya sa isang bagay. Ngunit dahil Siya ay omniscient, nalalaman Niya ang lahat ng bagay, Siya ay omnipresent, sapagkat alam Niya ang lahat ng nangyayari.

Walang pulgas na makakukurap nang hindi Niya nalalaman. At alam na Niya bago pa man magkaroon ng daigdig, kung ilang beses nitong ikukurap ang mga mata nito, at kung gaano karaming taba ang taglay nito, bago pa magkaroon ng daigdig. Ganiyan ang infinite. Hindi ito maaarok ng mga isipan natin, ngunit iyon ang Diyos — ang Diyos, infinite!

26 At alalahanin, kayo, ang inyong mga mata, ang inyong pangangatawan, ano ka man noon, nasa kaisipan ka na Niya noong pasimula. At ika'y dili't iba kundi salitang nagpapahayag. Matapos Niyang isipin, binigkas Niya iyon, at heto ka na nga. Kung hindi, kung wala ka sa Kauiyaug kaisipan, walang anumang paraan para maparito ka, sapagkat Siya ang nagbibigay ng Buhay na Walang Hanggan.

Naalala ba ninyo kung paano nating binabasa ang Kasulatan? "Hindi sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo, kundi sa Diyos At upang magkatoto ang Kaniyang predestinasyon, nagawa Niyang mamili, bago pa magkaroon ng panahon. . . Kataas-taasan ang Diyos sa Kaniyang pagpili. Alam ba ninyo iyon? Kataas-taasan ang Diyos.Sino ba ang maaaring magsabi sa Kaniya ng mas maiging panahon upang likhain Niya ang mundo? Sino ang mangangahas na magsabi sa Kaniya na mali ang pamamaraan Niya? Maging ang — ang Salita, ay kataas-taasan din naman. Maging ang kapahayagan ay kataas-taasan. Nagpapahayag Siya sa kanino mang naisin Niyang pagpahayagan. Ang kapahayagan mismo ay kataas-taasan sa Diyos. Pinupukpok ng mga tao ang mga bagay-bagay, sinusunggaban nila ang mga bagay-bagay, at tinutuligsa nila ang mga bagaybagay, nang hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. Kataas-taasan ang Diyos sa Kaniyang mga gawa.

27 Ngayon, makikita natin Siya sa pasimula, ang Kaniyang mga katangian. At, ngayon, kasama na Niya kayo noon pa man. Noon lumitaw ang Aklat ng Buhay. Ngayon, mababasa natin dito sa Apocalipsis, ika-13 kabanata, ika-8 talata, na ang hayop na darating sa ibabaw ng lupa, sa huling mga araw na ito, ay dadaya sa mga taong nasa ibabaw ngayon ng lupa na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan.

Isipin ninyo. Bago pa isilang si Jesus, apat na libong taon bago Siya dumating sa ibabaw ng lupa, maraming libong taon bago kayo dumating sa ibabaw ng lupa. Si Jesus, sa kaisipan ng Diyos, ay namatay na para sa kasalanan ng sanlibutan, at ang Aklat ng Buhay ay nagawa na; at ang inyong pangalan ay nailagay na sa Aklat ng Buhay bago pa itatag ang sanlibutan. Iyan ang katotohanan ng Biblia. Kita n'yo? Ang pangalan mo ay itinalaga ng Diyos at naisulat na sa Aklat ng Buhay bago pa itatag ang sanlibutan.

Naroon na kayo sa Kaniyang mga katangian. Hindi ninyo ito naaalala, hindi, sapagkat bahagi lang kayo ng Kaniyang Buhay. Kayo ay bahagi ng Diyos kapag kayo'y naging anak na lalaki o babae ng Diyos. Tulad din ng kayo ay bahagi ng inyong makalupang ama! Tama. Kayo nga. . Ang lalaki ang may dala ng hemoglobin, ang dugo. At nang iyon ay pumasok na sa itlog, noon ay naging bahagi ka ng iyong ama at ang iyong ina ay bahagi rin ng iyong ama; kaya kapuwa kayo bahagi ng iyong ama.

Luwaihati! Naipupuwera niyan ang denominasyon. Tiyak nga. Ang Diyos, na nasa lahat, ang tanging dako...

28 Pansinin ngayon ang Kaniyang katangian. Noong una, ang katangian ay Diyos; ang kaisipan, ang mismong katangian, lahat ay nakapaloob sa Isa, nang hindi pa naihahayag. Pagkatapos nang Siya ay magpahayag, ikalawa ay, naging Salita Siya. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.

San Juan, sa unang kabanata at unang talata.Pansinin, ito ay nang pasimula. Ngunit, bago pa iyon, ay ang Walang Hanggan. Pansinin, Nang pasimula ay ang Salita. Nang magsimula ang panahon, noon iyon naging Salita, ngunit bago iyon maging Salita, isa muna iyong katangian, isang kaisipan. Pagkatapos ay

naihayag ito. Nang pasimula ay ang pagpapahayag, ang Salita.

Ngayon, dadako na tayo kay Melquisedec. Ito ang mahiwagang Personang ito. Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. Hawakan n'yo iyan diyan ngayon. Pansinin.

Ang — ang Kaniyang unang katangian ay Espiritu, Diyos, sobrenatural, (Tama?), ang dakilang Walang Hanggan. Ikalawa, nagsimula Siyang mag-anyong laman, sa isang theophany, na ang tawag ay "ang salita, isang katawan." Ito kung gayon ang kalagayan Niya nang katagpuin Niya si Abraham, at tinawag Siyang Meiquisedec. Nasa anyong-theophany Siya. Ngayon dadako tayo roon at patutunayan natin ito sa loob ng ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon. Siya ang Salita.

29 Ang theophany ay isang bagay na hindi mo nakikita. Maaaring naririto iyon ngayon, gayunman ay hindi mo iyon makita. Tulad lang iyon ng, buweno, tulad ng telebisyon. Nasa ibang dimensiyon iyon. Ang telebisyon. . . may mga taong kumikilos sa silid na ito ngayon, nagaawitan; may mga kulay pa nga. Ngunit ang mata ay sakop lamang ng limang pandama. Ang iyong buong pagkatao pala ay sakop lamang ng limang pandama. At nasasakop ka lamang ng kung ano'ng naaabot ng iyong paningin. Ngunit may isa pang dimensiyon na maaaring makita sa pamamagitan ng pag-iibang-anyo, sa pamamagitan ng telebisyon.

Ngayon, hindi gumagawa ng larawan ang telebisyon. Pinadadaloy lamang iyon ng telebisyon sa isang circuit, at sinasagap iyon ng television screen. Ngunit naroon na ang larawan. May telebisyon na noong narito si Adan. May telebisyon na nang maupo si Elias sa bundok ng Carmel. May telebisyon na nang lumakad si Jesus na taga-Nazaret sa dalampasigan ng Galilea. Ngunit ngayon lang ninyo ito natutuklasan. Hindi nila iyon mapaniniwalaan noon. Ituturing kang baliw kung magsasalita kayo ng gano ' n. Ngunit ngayon ay isa na itong katotohanan.

At totoo ring si Cristo ay naririto, ang mga Anghel ng Diyos ay naririto. At isang araw, sa dakilang Milenyum na darating, magiging higit iyong totoo kaysa sa telebisyon o sa anupamang ibang bagay, sapagkat ang mga lyon ay naririto ngayon.

Ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa dakilang anyong inaangkin Niya, habang ini-en morphe Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga lingkod at pinatutunayan ang Kaniyang Sarili.

Ngayon, naririto Siya sa anyong Espiritu. At pagkatapos dumating Siya sa anyo ng isang . . . ng En morphe. Ngayon, nagpakita Siya kay Abraham, sa anyong En morphe. Nang magbalik si Abraham mula sa pagkakalupig ng mga hari, narito't dumating si Melquisedec, nakipag-usap siya sa Kaniya.

30 Noong isang araw sa pahayagan ng Tucson, binabasa ko ang isang sulatin kung saa'y may i — isang babae na nagmamaneho sa daan, sa paniwala ko'y mga apatnapu o limampung milya bawat oras, at nabundol niya ang isang matandang lalaki na naka-jacket na mahaba. Sumigaw siya at itinigil ang minamanehong kotse. Tumilapon siya, doon sa patag na disyerto! At tumakbo siya pabalik upang hanapin siya, at wala siya roon. Kaya't ano'ng ginawa niya? May ilang mga taong nasa likuran niya na nakakita ng pangyayari, nakita nilang tumilapon paitaas ang matandang lalaki, at bumaligtad pa nga ang kaniyang jacket na mahaba. Kaya't tumakbo sila pabalik upang alamin ang nangyari. Hindi nila matagpuan ang lalaki saan man. Tinawagan nila ang pulisya. Lumabas ang mga pulis upang suriin ang lugar; walang tao roon.

Buweno, bawat isa sa kanila ay nagpatotoo, na sumalpok ang kotse at nabundol nito ang mama. Tumilapon siya paitaas at nakita iyon ng lahat. May mga saksi roon, at dalawa o tatlong kotse sila, nakita nila ang pangyayari. Napag-alaman nila, may limang taon na ang nakalilipas, na may nabundol at namatay na matandang lalaking naka-jacket na mahaba sa lugar na lyon.

Pagalis mo rito, hindi ka patay. Kailangan mong magbalik, kahit pa isa kang makasalanan, at mahatulan ayon sa mga gawang ginawa mo habang ika'y nasa katawan pa. "Kung masira ang makalupang tabemakulong Ito, mayroon tayong isang naghihintay." En morphe, iyon ang Salita.

31 Ngayon, ang Diyos, sa yugtong Ito ng — yugto ng Kaniyang pagkalikha, na nung huli ay nag-anyong laman, at si Jesus iyon. Mula sa ano? Mula sa dakilang pasimula, na Espiritu, pagkatapos ay nanaog upang maging Salita, inilalantad ang Kaniyang Sarili. Hindi pa nalilikha ng Salita ang Sarili Nito; binigkas pa lamang ito, En morphe, nung bandang huli ay naging laman Siya, si Jesus, mortal, upang tikman ang kamatayan para sa ating lahat na makasalanan.

Nangmasalubong Siya ni Abraham, Siya ay si Melquisedec. Inilaladlad Niya rito kung ano'ng gagawin ng lahat ng mga katangian Niya sa katapusan, bawat anak na lalaki ni Abraham. Walang pasubaling gano'n din ang gagawin ng bawat anak na lalaki ng Pananampalataya. Ngunit nais kong pagmasdan kung paanong kinailangan nating maparito. 75. Gayundin, nakikita natin Siyang naihayag dito kina Ruth at — at Boaz, bilang isang Kalahing Manunubos, kung papaanong kinailangan Niyang mapasa laman.

32 Ngayon nakikita natin ang katangiang anak ng Kaniyang Espiritu, ay hindi pa pumapasok sa anyong-Salitang katawan, kundi i — isa iyong theophany. Ang katawang Ito ay napapasakop sa Salita at buong pagpupunyaging. . . naghihintay sa pagpapalit ng katawan.

Ngayon, ang kaibahan Niya sa iyo bilang anak na lalaki . . . Kita n'yo, Siya sa pasimula ay ang Salita, isang katawang "En morphe." Pumasok Siya at nanahan, sa Persona ni Melquisedec. Pagkatapos . . . noong huli, hindi na natin narinig ang tungkol kay Melquisedec, sapagkat naging si Jesus Cristo na Siya. Ngayon, si Meiquisedec ang Saserdote ngunit Siya ay naging si Jesus Cristo siya. Ngayon, nilampasan mo iyon sapagkat, sa anyong iyon, alam Niya ang lahat ng mga bagay, at hindi pa ito nangyayari sa inyo.

Naparito kayong tulad ni Adan, tulad ko, naging laman kayo mula sa pagiging isang katangian, upang malantad kayo sa tukso. Ngunit pagkatapos ng buhay na ito rito . . . "Kung masira ang makalupang tabernakulong ito, mayroon nang isang naghihintay sa atin." Doon tayo tutungo; iyon ang Salita. Pagkatapos maaari tayong lumingon pabalik at makikita natin kung ano'ng ginawa natin. Ngayon hindi natin Ito maunawaan. Hindi pa tayo nagiging Salita; tayo'y naging taong-laman lamang, at hindi Salita. Ngunit...

At, tingnan ninyong maigi, nalilinaw nang husto, hindi ka maaring maging Salita kailan man malibang isa ka nang kaisipan sa pasimula. Iyan ang nagpapatunay sa pagtatalaga ng Diyos. Kita n'yo? Hindi ka maaaring maging Salita malibang isa kang kaisipan noon. Dapat ay naroon ka muna sa kaisipan. Ngunit, tingnan ninyo, para ka malantad sa tukso, kinailangan mong lampasan ang theophany, kinailangan mong manaog dito sa laman, upang matukso ng kasalanan. At kung ikaw ay magkasala Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin, at babangunin Ko siya sa huling mga araw." Kita n'yo, kinailangan mo munang magkagano'n.

33 At, kita n'yo, bumaba Siya, sa karaniwang hanay, mula sa katangian patungo sa... 79. Bago pa itatag ang sanlibutan, ang Pangalan Niya ay nasulat na sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Pagkatapos, mula roon, naging Salita Siya, ang theophany, na maaaring lumitaw at maglaho. At pagkatapos ay naging laman Siya at muling nagbalik, binuhay na muli ang katawan ding iyon sa isang niluwalhating kalagayan.

Ngunit nilampasan mo ang theophany at naging taong-laman ka, upang matukso ka ng kasalanan. At kung gayon, "Kung masira ang makalupang tabernakulong ito, mayroon nang isang naghihintay sa atin." Wala pa sa atin ang mga katawang iyon.

Ngunit, tingnan ninyo, kapag tinanggap ng katawang ito ang Espiritu ng Diyos, ang Imortal na Buhay sa inyong kalooban, pinasasakop nito ang katawang ito sa Diyos. Alelula! "Ang ipinanganak ng Diyos ay hindi na nagkakasala; hindi siya rnaaaring magkasala." Mga Taga-Roma 8:1, "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa mga nakay Cristo Jesus; hindi sila nagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Hayan ka na. Kita n'yo, pinasasakop nito ang katawan mo.

Hindi mo na kailangang sabihin, "Oh, kung magagawa ko lang na ihinto ang paginom! Kung magagawa kong. . . " Pumasok ka lang kay Cristo; mawawala ang lahat ng iyon, kita n'yo, kita n'yo, sapagkat ang katawan mo ay napapasakop sa Espiritu. Hindi na ito napapasakop sa mga bagay ng sanlibutan; patay na ang mga iyon. Patay na ang mga iyon; nalibing nasa bautismo ang iyong mga kasalanan; at ikaw ay isang bagong nilikha kay Cristo. At ang iyong katawan, na napapasakop na sa Espiritu, ay nagsusumikap na mamuhay nang tama..

34 Katulad ninyong mga kababaihan na nagsasabing mayroon kayong Espiritu Santo, at pagkatapos ay lalabas kayo at magsusuot ng syorts at iba pang mga bagay, paano ninyong nagagawa iyan? Paanong magagawa ng Espiritu ng Diyos na nananahan sa inyo na hayaan kayong gurnawa ng gayong mga bagay? Sadyang hindi ito maaari. Tiyak nga, hindi maaari. Hindi Siya malaswang espiritu; Isa Siyang banal na Espiritu.

At kapag nagpasakop kayo sa Espiritung iyon, ipasasakop nito ang inyong buong katauhan sa Espiritung iyon. At ang Espiritung iyon ay walang iba kundi ang Binhing ito na naipamalas, o nabigyang-buhay, (Aleluia); binuhay. At kapag sinabi ng Biblia, "Huwag mong gawin 10," dali-dali itong sinusunod ng katawang ito. Wala nang tanung-tanong.

At ano iyon? Iyon ang paunang bayad ng pagkabuhay na mag-uli. Ang katawang ito ay muling babangunin, sapagkat ito'y nagpasimula na. Dati itong nasasakop ng kasalanan, at ng burak at kabulukan, ngunit ngayon ay taglay na nito ang paunang bayad; ito'y naging makalangit. Ngayon, iyon ang paunang bayad bilang patunay na kasama kayo sa pag-agaw. Iyon ang paunang bayad.

Ang isang taong nakaratay, naghihingalo, wala nang nalalabi kundi kamatayan; iyon na lang ang maaaring mangyari. Nakakita na ako ng mga anino ng mga tao, na nilamon na ng kanser at tuberculosis, at nakita ko ang mga taong iyon pagkalipas lamang ng hang sandali, na naging ganap na normal, at malakas. Kung walang Makadiyos na pagpapagaling, kung gayo'y walang pagkabuhay na mag-uli, pagkat ang Makadiyos na pagpapagaling ay paunang bayad ng pagkabuhay na mag-uli. Amen.

Alam ninyo kung ano ang salaping paunang bayad, hindi ba? Iyon ang paunang bayad. "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." 85. Pansinin kung gaano Ito kamangha-mangha! Iniibig natin Siya.

35 Ngayon, ang katawang ito ay nagpapasakop sa Espiritu. Hindi pa tayo pumapasok sa anyong Salita, bagkus ay nasa anyong laman pa rin tayo, ngunit sakop na ng Salita. Ang kamatayan sa laman ang magdadala sa atin patungo roon.

Gayon din, isipin ninyo ang isang munting sanggol. Maaari mong kuning halimbawa ang isang babae, gaano man siya kasama, kapag nagdalang-tao siya at kagampan na. Masdan, bago isilang ang batang iyon, kahit pa gaano kalupit ang inang iyon, bigla siyang bumabait nang husto. May kung anong bagay sa kaniya na tila — tila makadiyos, ang makita ang isang inang kagampan, sa pamamagitan ng sanggol. Bakit gano'n? Ang munting katawang iyon.. . Ngayon, hindi pa iyon buhay. Kita n'yo, ngayon, iyon ay dili't iba kundi laman at mga kalamnan pa lamang. Ang munting pagpintig na iyon, mga kalamnan lang iyon na kumikibot. Ngunit kapag lumabas na ito sa sinapupunan, hihingahan iyon ng Diyos ng hininga ng buhay, at pagkatapos ay sisigaw siya. Kita n 'yo, singtiyak na may likas na katawang nabubuo, may katawang espirituwal na tatanggap dito sa sandaling mailuwal Ito.

36 At kapag ang isang tao ay isinilang nang muli mula sa Langit, nagmimistula siyang espiritung sanggol kay Cristo.

At pagkatapos, kapag nalaglag na ang balabal na lamang ito, may likas na katawan, ang theophany, isang katawang hindi gawa ng rnga kamay, ni ipinanganak man ng isang babae, na ating tutunguhan.

Pagkatapos, ang katawang iyon ay magbabalik upang pulutin ang niluwalhating katawan.

Iyon ang dahilan kaya nagtungo si Jesus sa hades nang mamatay Siya, at nangaral Siya sa mga kaluluwang nasa bilangguan; nagbalik Siya sa pagiging theophany. Oh, kahanga-hanga. Salamat sa Diyos.

Ikalawang Corinto 5:1, "Kung ma — masira (ang makalupang katawang Ito), ang makalupang tabernakulong ito, mayroon pa tayong isa." Kita n'yo, nilampasan natin iyon, upang tuwirang maparito mula sa Diyos, mula sa katangiang iyon; upang maging laman, upang matukso at masubok ng kasalanan, katulad ni Adan. Ngunit kapag natapos na ang pagsubok ng Kaniyang Salita, kung magkagayo'y lilipat tayo sa katawang ito na inihanda para sa atin bago pa itatag ang sanlibutan. Ang Salita ang nilampasan natin, at kaagad tayong pumarito, upang tuksuhin at subukin. Kung dumaan tayo doon, dapat sana'y wala tayong dadanasing panunukso; disin sana'y alam natin ang lahat ng mga bagay. Iyon ang dahilan kaya alam ni Jesus ang lahat ng bagay, pagkat nagdaan muna Siya sa pagiging Salita bago Siya naging laman. Pagkatapos tayo naman ang magiging Salita.

Dito ay hinuhubog tayo sa wangis ng Salita upang makibahagi sa Salita, kumakain tayo ng Salita, sa pamamagitan ng pagkakatalaga sa atin mula pa sa pasimula. Kita n'yo, ang munting kislap ng buhay na taglay mo nasa pasimula nang simulan mo ang iyong paglalakbay. . . Marami sa inyo ang nakaaalala nito. Sumapi ka sa ganitong iglesia at sa gayong iglesia, sinubukan mo ang ganito at gayon; walang nakapagbigay sa iyo ng kasiyahan. Tama. Ngunit isang araw, bigla mo na lang Itong napagkilala. Tama.

37 Nung isang gabi ay nagtuturo ako sa isang lugar, wari ko'y doon iyon sa California o kaya'y sa Arizona, mga. . . Wari ko'y naikuwento ko na ang munting kuwentong ito rito, tungkol sa lalaking nagpalimlim sa isang inahing manok ng isang itlog ng agila. At nang mapisa ang agilang iyon, siya ang pinaka katawa-tawang ibon na nakita ng mga manok na iyon. Ngunit nagpagala-gala siya; siya ang — siya ang pinakapangit sa kanilang lahat, sapagkat sadyang hindi niya maunawaan kung papaanong pumuputak ang inahing iyon at kinakalaykay ang bunton ng dumi ng manok at saka siya kakain, at hindi niya maunawaan iyon. Sasabihin niya, "Halika rito't magpista ka, honey!" Buweno, i — isa siyang agila; sadyang hindi niya kayang kumain nang ganoon. Hindi iyon ang pagkain niya.

Kaya manghuhuli siya ng mga tipaklong at kung anu-ano pa, alam n'yo na, at tatawagin niya ang mga sisiw. At lahat ng mga sisiw na iyon ay sasama sa kaniya, sasabay sa pagputak, at magsisikain. Ngunit sadyang hindi iyon magawa ng munting agilang iyon. Hin — hindi tama iyon sa kaniyang paningin.

Kaya't isang araw ay hinanap siya ng kaniyang ina.

38 At naririnig niya ang pagputak ng inahing iyon. Sinikap niyang pumutak, ngunit hindi niya magawa. Sinubukan niyang humuni tulad sa isang sisiw, ngunit hindi niya magawa. Kita n'yo, isa siyang agila. Siya'y . . . siya, mula't sapul, ay isang agila. Napisa nga lang siya sa ilalim ng isang inahing manok.

Tulad iyon ng ilang mga kasapi ng iglesia. Bawat. . . Ganito rin ang nangyayari; isa lang sa isang salangan, sa tantiya ko'y tama nga. Ngunit isang araw ang kaniyang ina ay lumipad sa gawing itaas nila, at siya'y sumigaw. Nakilala niya iyon. "Tama ang tunog no'n." Bakit? Isa siyang agila, simula't sapul.

Ganiyan din sa Ebanghelyo ng Salita, o sa Kapangyarihan ni Jesus Cristo; kapag ang isang tao ay nakatalaga sa Buhay na Walang Hanggan, sa sandaling marinig niya ang totoong tunog na lyon, ng Sigaw ng Diyos, walang anumang makapaglalayo sa kaniya Rito.

Maaaring sabihin ng iglesia, "Lipas na ang mga panahon ng himala," putak, putak, putak. Pumarito ka't kainin mo ito, at pumaroon ka't kainin mo iyon."

Hindi na makatutulong sa kaniya ang pagkaing galing sa kamaligan. Umalis na siya ro'n. "Lahat ng bagay ay maaaring mangyari." Umangat na siya sa lupa.

Iyan ang problema sa napakaraming Cristiano sa araw na ito; hindi nila magawang iangat ang kanilang mga paa sa lupa.

Ang sabi ng ina, "Anak, lumundag ka; isa kang agila. Pumarito ka sa kinaroroonan Ko."

Ang sabi niya, "Nay, hindi ko pa nagawang lumundag sa tanang buhay ko."

Ang sabi niya, "Buweno, lumundag ka! Isa kang agila, simula't sapul; hindi ka manok." Kaya lumundag siya sa unang pagkakataon at ikinampay niya ang kaniyang mga pakpak; hindi gasinong mahusay ang pagkakalundag niya, ngunit ang mahalaga ay nakaangat na siya sa lupa.

Ganiyan ang ginagawa natin. Tinatanggap natin ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng nakasulat na Salita. May kung ano roon (Kita n'yo?), ang Buhay na Walang Hanggan iyon, nakatalaga ka para Doon.

Ang lolo at lola niya ay mga agila; isa siyang agila, mula't sapul. Hindi nakikihalo ang agila sa ibang mga bagay. Hindi siya halong-lahi, sa anumang paraan; isa siyang agila.

39 Pagkatapos mong makilala na ang Salita ng Diyos ang Pagkain ng Agila, nang magkagayo'y iniwan mo na ang bagay na iyon. Nahubog ka na tungo sa buhay na larawan ng buhay na Diyos. Nakarinig ka mula sa iyong theophany. "Kung masira ang makalupang katawang ito, mayroon pa tayong isang naghihintay."

Sasabihin mo, "Siyanga ha, Brother Branham?"

Sige, kunin natin ang dalawang agila at tingnan natin sila sa loob ng ilang minuto. May isang pangalan — lalaki noon na ang pangalan ay Moises. Alam ng bahat na ang propeta ay tinaguriang agila sa Biblia. May isang propetang nagngangalang Moises. At isang araw ay tinawag siya ng Diyos, at hindi siya pinayagang makatawid sa lupain at na — namatay siya sa ibabaw ng isang bato. Tinangay siya ng mga Anghel at inilibing. May isa pang lalaki noon, isang agila, ni hindi na nga niya kinailangang mamatay. Tumawid lang siya sa ilog Jordan, at nagpadala ang Diyos ng karuwahe at: "Inilaglag niya ang lamang balabal, at umakyat siya at nakamit niya ang walang hanggang gantimpala."

Pagkalipas ng walong daang taon, makalipas ang walong daang taon, sa Bundok ng Pagbabagong Anyo, narito't nakatayo ang dalawang lalaki. Nabulok na ang katawan ni Moises sa loob ng daan-daang taon, ngunit heto siya sa isang anyo na nakilala maging nina Pedro, Santiago, at Juan. Amen. "Kung masira ang makalupang tabernakulong ito. . ." kung isa kang katangian ng Diyos na naipahayag dito sa ibabaw ng lupa, may katawang naghihintay sa iyo kapag nilisan mo ang mundong ito. Hayun sila, nakatayo sa Bundok ng Pagbabagong Anyo, sa kanilang theophany. Sapagkat, sila'y mga propetang dinatnan ng Salita.

40 Gayon din, pansinin natin ang isa pang propeta, noong araw, na nagngangalang Samuel. Isa siyang dakilang tao. Tinuruan niya ang Israel; sinabihan niya silang hindi sila dapat magkaroon ng hari. Ang sabi niya, "May sinabi na ba ako sa inyong anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon na hindi natupad?"

Ang sabi nila, "Wala. Lahat ng sinabi mo sa Pangalan ng Panginoon ay laging natutupad."

Isa siyang propeta, at namatay siya.

Makalipas ang tatlo o apat na taon, napasok sa kaguluhan ang hari; iyon ay bago pa maibubo ang Dugo ni Jesus Cristo. Nasa paraiso siya. At isang mangkukulam sa Endor ang nanawagan para lumapit ang isang tao upang aliwin si Saulo. At nang makita siya ng mangkukulam na nakatayo, ang sabi niya, "Nakikita ko ang Diyos na lumilitaw mula sa lupa."

41 At matapos mamatay, mailibing, at mabulok sa libingan ng lalaking iyon, heto siya't nakatayo sa loob ng kuweba, suot ang balabal ng propeta, at propeta pa rin siya. Amen. Sapagkat ang sabi niya, "Bakit mo ako tinawag mula sa aking pamamahinga, dangang naging kaaway mo ang Diyos?" Masdan ninyo kung paano siyang manghula. "Bukas ng gabi, sa ganito ring oras, makakapiling na kita." isa pa rin siyang propeta, bagama't umalis na siya sa katawang iyon.

Kita n'yo, naparito siya at naging bahagi ng Salitang iyon, at pumasok siya mula sa buhay-laman pabalik sa katawang inihanda para sa kaniya bago pa itatag ang sanlibutan. Pumasok siya sa theophany,

na siyang Salita. Nakukuha ba ninyo? Doon magtutungo ang lahat ng mananampalataya kapag lumisan na tayo rito.

Kung magkagayon, sa anyong iyon, ang tabing ay naitaas na. Kita n'yo, kayo man ay Salita rin, pagpasok n'yo roon. Tulad sa isang sanggol, gaya ng sinabi ko kani-kanina lang.

Ngayon ay pansinin. Punihin ang Diyos dahil sa pagbubukas ng mga Tatak na ito, ang panalangin ko ay ang malaman ang mga bagay na Ito.

42 Ngayon ang tunay na kapahayagan ni Meiquisedec ay nalalantad na — na Siya ang Diyos, ang Salita, bago Siya naging laman, ang Diyos na Salita. Sapagkat, tiyak na Siya nga; wala nang iba pang imortal na tulad Niya. Kita n'yo, mayroon akong ama at ina; gayon din naman kayo. Mayroong ama't ina, si Jesus. Ngunit ang Lalaking ito ay walang ama o walang ina. May pasimula si Jesus; ang Lalaking ito ay wala. Ibinigay ni Jesus ang Kaniyang buhay; hindi iyon magagawa ng Lalaking ito, sapagkat Siya ang Buhay. At iisa ang Lalaking iyon sa lahat ng pagkakataon. Umaaasa akong ihahayag ito ng Diyos sa inyo. Siya rin ang Personang iyon sa lahat ng pagkakataon.

Pansinin ang Kaniyang titulo, Hari ng katuwiran. Ngayon, sa Hebreo 7:2, Hari ng katuwiran, at Hari ng kapayapaan. Dalawa ang Pagkahari Niya. Ngayon ay masdan, Hebreo 7:2, Hari ng katuwiran, at saka Hari ng kapayapaan. Dalawa ang Pagkahari Niya noon. Ngayon mula nang maparito Siya sa laman at tinanggap ang Kaniyang katawan sa itaas, sa Apocalipsis 21:16, ang tawag sa Kaniya ay Hari ng mga hari. Siya ang tatlong iyon. Kita n'yo, Haring Diyos, Haring Theophany, Haring Jesus. Siya ang Hari ng mga hari.

Nagpanagpo ang lahat ng ito, tulad din ng kaluluwa, katawan, at espiritu, bumubuo ito ng isa.

Gayundin, Siya ang Ama, na Siyang una, ang Anak, at ang Espiritu Santo, ang Espiritu. Hari-I ng katuwiran, ang katangiang Espinitu; theophany, Hari ng — ng kapayapaan, theophany; at noong nasa laman Siya, Siya ang Hari ng mga hari: iisang Persona.

43 Nang ang theophany.. . Nakita Siya ni Moises, Exodo 33:2, isa Siyang theophany. Hinangad ni Moises na makita ang Diyos. Narinig na niya ang Kaniyang Tinig, narinig na niya Siyang nangusap sa kaniya, nakita na niya Siya roon sa isang palumpong, na may malaking Haliging Apoy. At ang sabi niya, "Sino Ka? Nais kong malaman kung Sino Ka?" ang wika ni Moises. "ilalagay ko — kung papayagan Mong makita kita. . . nais kong makita ang lyong mukha."

Ang sabi Niya, "Walang sinumang maaaring makakita ng Aking mukha." Ang sabi Niya, "Tatakpan Ko ng Aking mga kamay ang iyong mga mata, at Ako'y daraan. At maaari mong makita ang likuran Ko, ngunit hindi ang mukha Ko." Kita n'yo? At nang magdaan Siya, ang nakita niya ay likuran ng isang Lalaki; isa iyong theophany. Pagkatapos ang Salitang dumating kay Moises, AKO NGA: iyon ang Salita. Dumating ang Salita kay Moises sa anyo ng i — isang Haliging Apoy sa isang nagliliyab na palumpong, ang AKO NGA.

Tulad ng Salita mula sa teolohiya . . . mula sa theophany, pala. (Pagpaumanhinan ninyo ako.), dumating Siya kay Abraham bilang isang Lalaki, sa silong ng puno ng encina. Ngayon, tingnan n'yo lyon. 109. May dumating na Lalaki kay Abraham, tatlo sila, at naupo sa ilalim ng punong encina, tatlo sila. At pansinin, matapos Niyang kausapin si Abraham.. .

44 Bakit Siya dumating? Si Abraham, dahil nasa kaniya ang pangako at mensahe ng darating na anak, at siya rin noon ang Salitang-propeta ng Diyos na nagtitiwala sa Salita ng Diyos, tinatawag ang anumang bagay na salungat Dito na tila hindi.. . Nakikita ba ninyo kung gaano kasakdal ang Salita? Ang Salita ay dumarating sa propeta. At narito ang — ang Salita na nasa anyong theophany . . .

Ngayon sasabihin mo, "Ang Diyos ba iy'on?" Sinabi ni Abraham Diyos nga iyon. Ang sabi niya ang Pangalan Niya . . . Tinawag niya Siyang Elohim. Ngayon sa Genesis 1, makikita n'yo, "Nang pasimula ay nilikha ni Elohim ang langit at ang lupa. Ngayon sa Genesis 18, makikita natin na — na tinawag ni Abraham ang Personang ito na umupo roon at nakipagusap sa kaniya, at nagawa Niyang sabihin sa kaniya ang mga lihim ng kaniyang puso, sinabi Niya sa kaniya kung ano'ng iniisip ni Sara na nasa likuran Niya, ang sabi ni Abraham, "Si Elohim iyon." Nasa anyong theophany. Nakukuha ba ninyo? Pansinin na matapos. .

45 Ngayon, nalaman natin na Siya noon ay nasa anyong theophany. Tinawag niya Siyang, "Panginoong Diyos, Elohim." Ngayon, sa Genesis 18, makikita nating katotohanan ito.

Ngayon, pansinin ninyo si Abraham . . Tatlo silang magkakasama, ngunit nang makatagpo ni Abraham ang Tatlo, ang sabi niya, "Panginoon ko."

Ngunit nang si Lot, doon sa Sodoma, dalawa sa kanila ang nagtungo roon; at nakita ni Lot na dumarating ang dalawang lyon, at ang sabi niya, "Mgá Panginoon ko." Kita n'yo, ano'ng nangyari? Unang-

una, si Lot ay hindi propeta, (Tama.), o ni hindi rin siya ang mensahero ng oras na iyon. Kaya wala siyang anumang kapahayagan tungkol sa Kaniya. Tamang-tama nga. Magagawa ni Lot na tawagin silang, "mga Panginoon," kung isang dosena sila, ang sasabihin pa rin niya ay, "mga Panginoon,"

ngunit gaano man karami ang nakita ni Abraham, isa pa ring Panginoon Iyon. Iyon ang Diyos; Iyon si Meiquisedec.

Pansinin, pagkatapos ng pakikipagbaka, pinagkomunyon ni Meiquisedec ang Kaniyang matagumpay na anak (Isipin ninyo iyon.), bahagi ng Kaniyang Sarili. Ngayon, nais nating makita nito, itinitipo nito, ipinapakita, ang Komunyon. Pagkatapos ng pakikibaka, ibinahagi Niya ang Kaniyang Sarili, sapagkat ang Komunyon ay bahagi ni Cnisto. At pagkatapos ng pakikipagpunyagi, matapos mong makipaglaban, doon ka makikibahagi kay Cnisto, magiging bahagi ka ng Personang ito. Nakukuha ba ninyo?

46 Magdamag na nakipagbuno si Jacob at hindi niya Siya binitiwan hanggang sa pagpalain Niya siya. Tama iyon. Pakikibaka Iyon upang mabuhay. At pagkatapos ng pakikibaka, saka ka babahaginan ng Diyos ng Kaniyang Sarili. Iyon ang tunay Niyang komunyon. Kinakatawan lang Ito ng munting tinapay at biskuwit. Hindi ka dapat tumanggap nito malibang makipagbuno ka muna at maging bahagi ng Diyos.

Alalahanin, sa panahong Iyon ay hindi pa naitatatag ang Komunyon, hindi napasimulan iyon hanggang — bago mamatay si Cristo, daan-daang taon muna ang lumipas.

Ngunit itong si Meiquisedec, matapos na magtagumpay ang anak Niyang si Abraham, kinatagpo siya ni Melquisedec at binigyan siya ng alak at tinapay, ipinapakita na pagkatapos ng makalupang pakikibakang ito, sasalubungin natin Siya sa kalangitan at muli tayong tatanggap ng Komunyon. Iyon na ang Hapunan ng Kasalan. "Hindi na Ako muli pang iinom ng ubas o kakain ng bunga nito, hanggang sa kainin Ko iyon at inumin Ko Iyon na kasalo kayo sa kaharian ng Aking Ama." Tama ba iyon?

47 Pansining muli, kinatagpong muli ni Melquisedec Si Abraham bago siya umuwi. Ang gandang tipo nito. Kinatagpo ni Melquisedec si Abraham bago siya umuwi pagkatapos ng pakikibaka.

Sasalubungin natin si Jesus sa himpapawid bago tayo makarating sa ating tahanan. Tama iyon. Sinasabi iyan sa atin ng Ikalawang Mga Taga Tesalonica, sapagkat sasalubungin natin Siya sa hangin; sasalubungin natin Siya sa himpapawid. Isang magandang katipo nang katagpuin ni Rebeca si Isaac sa parang sa Kalamigan ng araw. Ganiyan din ang sinasabi sa atin ng Ikalawang Mga Taga Tesalonica. "Sapagkat tayo na nangabubuhay at nangatitira ay hindi makapipigil (o makahahadlang) sa mga nangatutulog; sapagkat tutunog ang pakakak ng Diyos; ang mga nangamatay kay Cristo ay unang babangunin; tayo na nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa hangin." Sakdal, lahat ng mga tipong Ito...

Samakatuwid, ang theophany, kung ikaw ay namatay na at pumasok na sa theophany, anong mangyayari? Paririto ang theophany sa lupa upang kunin ang tinubos na katawan. At kung ika'y narito sa hangin, dadalhin mo ang katawang iyon upang salubungin ang theophany (Hayan.), at aagawing paitaas, at sasalubong sa Panginoon sa hangin." Sino pa nga ba ang Meiquisedec na ito kundi ang Diyos?

48 Ngayon ay nakikita natin nang malinaw ang kumpletong lihim ng ating mga buhay sa paglalakbay, at kamatayan, at kung saan tayo tutungo pagkamatay natin. Gayundin ang predestinasyon ay malinaw na makikita rito. Ngayon ay makinig kayong maigi habang itinuturo natin ito.

Ang mga yugto ng — ng walang hanggang layunin na dati Niyang inililihim ay naihayag na ngayon. Pansinin, may tatlong yugto tungo sa kasakdalan. Katulad din ng pagtubos Niya sa lupa; gayon Niya ring tinutubos ang Kaniyang iglesia. Tinutubos Niya ang mga tao sa tatlong yugto. Ngayon ay tingnan. Ang una ay ang pag-aaring-ganap, tulad ng ipinangaral ni Luther; ikalawa, ang pagpapakabanal, tulad ng ipinangaral ni Wesley; ikatlo, ang Bautismo ng Espiritu Santo. Tama. Pagkatapos ay darating ang pag-agaw.

Ngayon, ang mundo, paano ba Niyang tinubos ang sanlibutan? Una, ang ginawa Niya, nang ito'y magkasala, hinugasan Niya Ito sa bautismo ng tubig. Tama. Pagkatapos ay pinatulo Niya ang Dugo Niya rito, mula sa krus, at pinabanal ito at tinawag Niya itong Kaniya. At pagkatapos ano ang gagawin Niya? Kung papaanong binaklas Niya nang lubusan ang sanlibutan sa iyo, at binago ka nang lubusan sa pamamagitan ng maapoy na bautismo ng Banal na Espiritu, babaguhin din Niya ang lupa. At ito'y tutupukin ng Apoy, at papawiin Niya ang lahat ng mikrobyo, sa taas na milyun-milyoug milya, at mapapawi ang lahat ng bagay. At pagkatapos ay magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa, tulad din ng ikaw ay isa nang bagong nilikha kay Cristo Jesus kapag nahawakan ka ng Espiritu Santo. Kita n'yo, hayan na nga kayo. Napakalinaw ng lahat ng ito. Ang lahat ay laging tatluhan.

49 Ang natural na kapanganakan ay tatluhan. Ano ang unaug nangyayari sa isang babaeng nanganganak? Ano ang lumalabas? Tubig. Ano ang kasunod na lumalabas? Dugo. Ano ang kasunod na proseso? Buhay; tubig, dugo, espiritu.

Ano'ng nangyayari sa halaman? Nabubulok. Ano ang una? Aug tangkay muna. Ano'ng kasunod? Ang Bulaklak. Ano'ng kasunod? Ang ipa. Pagkatapos ay lalabas doon ang butil. Tatloug yugto ito hanggang umabot lyon sa butil. Akmang - akma.

Binibindika ito ng Diyos. Lagi itong tama. Binibindika ng Diyos na ito ay totoo. Malinaw nitong ipinapakita na tanging ang nakatalaga ang isinasaalangalang sa katubusan. Nakuha ba ninyo? Hayaan ninyong sabihin kong muli. Tanging ang nakatalaga ang isinasaalang-alang sa katubusan. Maaaring magkunwari ang mga tao, at mag-isip na gayon nga sila, ngunit ang tunay na natubos ay yaong mga nakatalaga. Sapagkat, ang salitang tubusin ay nangangahulugang "isauli". Kita n'yo? Tama ba iyon? Ang tubusin ay isang bagay. . . Ang pagtubos sa anumang bagay, ay ang, pagsasauli nito sa dati nitong kinalalagyan. Aleluia! Kaya't tanging ang nakatalaga ang maisasauli, sapagkat ang iba ay hindi galing doon. Kita n'yo? Isauli.

50 Dahil kasama Niyang Walang Hanggan, sa pasimula. . . Ang Buhay na Walang Hanggan na taglay mo noon, ang kaisipan Niya tuugkol sa kung ano ka noon, nais lamang Niyang ikaw ay. . . Ninais Niyang tumayo ako sa pulpito, sabihin na natin. Nais Niyang maupo kayo sa kinauupuan n'yo ngayong gabi. Kung gayo'y ginagampanan natin ang Kaniyang walang hanggang layunin. At ang taong yumao na, ay naparito lamang sa lupa upang tuparin ang Kaniyang layunin. Tama ba lyon? Tama. At, pagkatapos no'n, ibabalik ito sa isang niluwalhating kalagayan. Gumulang na ito at muling maibabalik.

Hindi kataka-takang nasabi ni Pablo, nang magtayo sila ng sangkalan upang doon tagpasin ang kaniyang ulo. Ang sabi niya, "o kamatayan, nasaan ang iyong tibo? o libingan, nasaan ang iyong tagumpay? Datapuwa't salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay." Ang sabi niya, "Kamatayan, sabihin mo sa akin kung kaya mo akong pasigawin. Libingan, sabihin mo sa akin kung paano mo akoug pipigilan, sapagkat ako ay nagmamay-ari ng Buhay na Walang Hanggan." Amen. Napagkilala niya iyon. Ang kamatayan, ang hades, ang libingan, walang makapipigil sa kaniya. At walang makasasakit sa atin, mayroon tayong Buhay na Walang Hanggan. Napagtanto niyang nabiyayaan siya ng Buhay na Walang Hanggan.

51 Tulad din ng munting hamog. Kung nauunawaan ko, ito'y. . . Wala tayong masyadong alam tungkol sa chemistry, ngunit malamang iyon ay ang — ang pamumuo ng halumigmig o ng hangin. At kapag lumamig at dumilim ang gabi, nahuhulog ito mula sa himpapawid at pumapatak sa lupa. Pumatak ito mula sa kung saan. Ngunit kinaumagahan bago sumikat ang araw, nakalapag iyon doon, ang munting nilalang, nanginginig. Ngunit hayaan mong sumikat ang araw, masdan mo kung paano itong kikislap. Masayang-masaya Ito. Bakit? Tatawagin ito ng araw pabalik sa pinanggalingan nito. At ganiyan din ang isang Cristiano. Aleluia! Alam nating kapag pumapasok tayo sa Presensiya ng Diyos, may kung anong bagay sa ating kalooban na nagsasabi sa atin na galing tayo sa isang lugar at muli tayong magbabalik doon sa pamamagitan ng Kapangyarihang iyon na humahatak sa atin.

Ang munting hamog, kumikinang siya at nagniningning at sumisigaw, sapagkat nalalaman niya na nagmula siya doon sa itaas, at muli siyang hahataking paitaas ng araw.

At nalalaman ng tao na isang katangian ng Diyos, na isinilang ng Diyos, (Aleluia.), na kapag nakatagpo niya ang Anak ng Diyos, siya ay maiaangat mula rito isang araw. "Sapagkat kung ako'y maitaas mula sa lupa, palalapitin Ko sa Akin ang lahat ng mgatao." Amen.

52 Ngayon ay pansinin. Nakikita na natin ngayon si Meiquisedec at kung bakit hindi Niya ina si Maria. lyon ang dahilan kaya tinawag Niya siyang babae, hindi ina. Wala Siyang ama, sapagkat Siya ang Ama, ang Walang Hanggang Ama, ang tatlo sa Isa. Wala Siyang ina. Tiyak ngang wala. Wala Siyang ama, sapagkat Siya ang Ama. Tulad ng sinabi ng isang makata minsan na nagusap ng papuri kay Jesus, ang sabi:

AKO NGA ang nangusap kay Moises sa palumpong na nagaapoy,

AKO NGA ang Diyos ni Abraham, ang Maningning na Tala sa Umaga,

AKO NGA ang Alpha, ang Omega, ang simula at ang wakas.

AKO NGA aug sangsinukob, at Jesus ang Aking Ngalan.

(Tama.)

Oh, sino nga ba Ako sa palagay n'yo? At Saan ba ako nagmula ayon sa kanila,

Kilala ba ninyo ang Aking Ama, o masasabi ba ninyo ang Kaniyang Pangalan?

(Aleluia)

lyan ang Pangalan ng Ama. Naparito Ako sa Pangalan ng Ama, at hindi n'yo Ako tinanggap." Kita n'yo? Siyanga, Siya'y kahapon, ngayon at magpakailan man.

53 At ang Melquisedec na ito ay naging laman. Inihayag Niya ang Sarili Niya bilang Anak ng tao nang dumating Siya bilang Propeta. Dumating Siya sa tatlong pangalan ng Anak: ang Anak ng tao, ang Anak ng Diyos, ang Anak ni David.

Noong narito Siya sa lupa, isa Siyang Tao upang tuparin aug Kasulatan. Ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propetang katulad ko." Kaya't kinailangan Niyang dumating bilang isang Propeta. Hindi Niya kailan man sinabi, "Ako ang Anak ng Diyos."Ang sabi Niya, "Ako ang Anak ng tao. Sumasampalataya ba kayo sa Anak ng tao?" Pagkat, lyon ang kailangan Niyang patotohanan sapagkat iyon nga Siya noon.

Ngayon dumating Siya sa ibang Pangalan ng anak, ang Anak ng Diyos: ang hindi nakikita, ang Espiritu.

At sa muli Niyang pagdating, Siya ay Anak ni David, upang lumuklok sa Kaniyang trono.

54 Ngayon, noong naririto Siya sa katawang tao, tinawag Siyang, ang Anak ng tao. Ngayon, paano ba Niyang ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa mundo bilang Anak ng tao, ang Propeta?

Isang araw.. . nagkukuwento ako tungkol kay Pedro at kay Andres na kaniyang kapatid. Mga mangingisda sila roon, at ang ama nilang si Jonas ay isang dakilang matandang mananampalataya. Isang araw ang sabi nila naupo raw siya sa gilid ng bangka. Ang sabi niya, "Mga anak, alam ninyo kung paano tayong nananalangin noong mangailangan tayo ng isda." (Mga mangingisda sila.) Ang sabi niya, "Nagtiwala tayo sa Diyos, Si Jehova, para sa ating kabuhayan. At tumatanda na ako ngayon; hindi na ako magtatagal sa piling ninyo mga anak. At noon pa man — tulad ng lahat ng mga tunay na mananampalataya, naghintay ako sa oras ng pagdating ng Mesiyas. Lahat na ng uri ng mga huwad na Mesiyas ay nagsidating, ngunit may Isang darating na tunay, balang araw." At ang sabi pa niya, "Kapag dumating ang Mesiyas na ito, hindi ko gustong madaya kayo mga anak. Ang Mesiyas na Ito ay hindi lamang magiging isang teologo; Siya ay isang Propeta, sapagkat sinabi iyon ng propeta nating si Moises, na ating sinusundan, ang sabi niya. . . "

Ngayon, sinumang Judio ay maniniwala sa kaniyang propeta. Tinuruan siya upang malaman iyon. At kung — kung ang propeta ay magsasabi ng anumang bagay na totoo, kung gayo'y katotohanan iyon. Ngunit sinabi rig Diyos, "Kung may isa sa kalagitnaan ninyo na espirituwal, o kaya'y isang propeta, Akong Panginoon ay magpapakilala sa kaniya. At kung matutupad ang kaniyang sasabihin, kung gayo 'y dinggin ninyo siya at katakutan; ngunit kung hindi iyon matutupad, kung gayo'y huwag ninyo siyang katakutan sa anumang paraan." Kita n'yo? Samakatuwid iyon ang — ang bindikasyon ng propeta.

55 "Kaya't si Moises ay tunay na isang bindikadong propeta, at sabi niya, 'Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw sa inyong kalagitnaan, mula sa inyong mga kapatid, ng isang Propetang katulad ko. At lahat ng hindi makikinig sa Kaniya ay ihihiwalay sa bayan." Ang sabi niya, "Ngayon, mga anak, pakatandaan ninyo, na bilang mga Hebreo, naniniwala tayo sa mga bindikadong propeta ng Diyos." Ngayon makinig kayong maigi. Huwag na hindi n'yo Ito makuha. At ang sabi niya, "Kapag dumating ang Mesiyas, makikilala ninyo Siya, sapagkat magiging isa Siyang propetang Mesiyas. Ngayon, ang sabi ko apat na raang taon na ang lumipas mula noon. Hindi pa tayo nagkaroon ng propeta buhat kay Malakias, ngunit darating Siya."

At isang araw, ilang taon matapos siyang mamatay, naglalakad ang anak niyang si Andres sa baybay-dagat. At narinig niya ang isang mabangis na lalaki mula sa ilang, na nagsasabing, "Ang Mesiyas na iyon ay nakatayo na ngayon sa inyong kalagitnaan." Ang malaking agilang iyon na pumailanlang sa itaas ng ilang at lumipad doon, ay nagsabi, "Kahalubilo na ninyo ngayon ang Mesiyas. Hindi pa natin Siya kilala, ngunit nakatayo na Siya ngayon sa inyong kalagitnaan. Makikilala ko Siya, sapagkat makakakita ako ng isang tandang mula sa Langit."

Isang araw ang sabi niya, "Hayun, masdan ninyo, ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."

Dali-dali siyang hu — humayo, ang lalaking ito, upang hanapin ang kapatid niya. Ang sabi niya, "Simon, halika rito; natagpuan na namin ang Mesiyas."

"Oh, umalis ka nga riyan, Andres, higit diyan ang alam mo."

"Oh, alam ko. Ngunit, ka — kaiba ang Lalaking ito."

"Nasaan Siya? Taga saan ha Siya?"

"Si Jesus na taga-Nazaret."

"Ang maliit at makasalanang lungsod na iyon? Aba, hindi Siya maaaring magmula sa isang makasalanan at maruming lungsod na tulad no'n."

"Halika at tingnan mo na lang."

Sa wakas ay nahikayat niya siyang pumaroon isang araw. Kaya't nang mapunta siya sa harapan ng Mesiyas, si Jesus, na nakatayo roon, nangungusap sa mga tao. Nang lumakad siya sa harapan Niya, ang sabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas." Iyon na. Nakuha niya ang mga susi sa Kaharian. Bakit? Alam niyang hindi siya kilala ng Lalaking iyon. At paano Niya siyang nakilala, pati na ang makadiyos na amang iyon na nagturo sa kaniya kung paanong sasampalataya sa Mesiyas?

56 May isang lalaking nakatayo roon na nagngangalang Felipe. Oh, labis siyang natuwa. May kilala siyang isa pang lalaki na matagal na niyang kasakasama sa pag-aaral ng Biblia. Dali-dali siyang humayo, palapit sa burol, at natagpuan niya siya roon sa lilim ng mga punong Oliba. Nakaluhod siya, nananalangin. Nagsama sila sa maraming pag-aaral ng Biblia, kaya't nagtungo siya roon. At ang sabi niya, nang matapos siyang manalangin. "Halika, tingnan mo kung Sino ang nasumpungan namin; si Jesus na tagaNazaret, ang anak ni Jose. Siya ang Mesiyas na hinihintay natin."

Ngayon, para kong naririnig si Natanael na nagsasabi, "Ngayon, Felipe, hindi ka kaya nalilihis?"

"Oh, hindi. Hindi. Ngayon hayaan mong sabihin ko sa iyo. Alam mo, matagal na tayong magkasama sa pag-aaral ng Biblia, at ano nga ba ang Mesiyas ayon sa propeta?"

"Isa Siyang Propeta ?"

Naaalaala mo ba ang matandang mangingisda noon na binilhan mo ng isda, na hindi sapat ang aral kaya hindi makapirma, na ang pangalan ay Simon?"

"Oo. A-ha."

"Lumapit siya, at alam mo ba? Sinabi sa kaniya ng Jesus na ito na tagaNazaret na ang pangalan niya ay Simon, pinalitan ng Pedro ang kaniyang pangalan, na ang ibig sabihin ay 'maliit na bato,' at sinabi sa kaniya kung sino ang ama niya."

"Buweno," ang sabi niya — ang sabi niya, "Ewan ko. May lalabas bang mabuting bagay sa Nazaret?"

Ang sabi niya, "Huwag na nating pag-usapan iyan; halika't tingnan mo na lang." Magandang ideya iyon, halika at tingnan mo.

Kaya't heto si Felipe, isinama niya si Natanael. At nang mapalapit siya, marahil ay nakatayo si Jesus, nagsasalita, marahil ay nananalangin sa maysakit sa hanay ng panalangin. At nang makalapit siya sa kinaroroonan ni Jesus, lumingon sa kaniya si Jesus, at nagsabi, "Narito ang isang Israelita, na sa kaniya'y walang daya."

57 Ngayon, sasabihin mo, "Buweno, dahil iyon sa kaniyang pananamit." Oh, hindi. Lahat ng mga taga-silangan ay magkakatulad kung manamit. Maaari ding isa siyang Siriano, o kaya'y iba pa; ang balbas, ang damit.

Ang sabi Niya, "Narito ang isang Israelita, nasa kaniya'y walang daya," sa ibang salita, "isang tapat at sinserong lalaki."

Buweno, napasigaw si Natanael. At ang sabi niya, "Rabi, (na ang ibig sabihin ay 'guro'), Rabi, kailan mo ba ako nakilala? Paano Mong nalamang isa akong Judio? Paano mo nalamang tapat ako, walang daya?"

Ang sabi Niya, "Bago ka patawagin ni Felipe, nang ikaw ay nasa silong ng punongkahoy, nakita na kita." Labinlimang milya ang layo no'n, sa kabilang panig ng lalawigan, noon pang isang araw iyon.

Anong sinabi niya? "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel!"

58 Ngunit nakatayo roon ang mga saserdote, mga matitikas, pormal, ang sabi, "Ang Lalaking ito ay si Beelzebub, isang manghuhula."

Ang sabi ni Jesus, "Patatawarin Ko kayo riyan."

Ngayon, alalahanin, hindi nila iyon sinabi nang malakas, ngunit sinabi nila iyon sa kanilang mga puso. "At napagkilala ni Jesus ang kanilang mga kaisipan." Tama. Iyon ang sabi ng Biblia. Tawagin ninyo itong telepathy kung gusto n'yo, ngunit na — napagkilala Niya ang kanilang mga kaisipan. At ang sabi Niya, "Pinatatawad Ko kayo riyan. Ngunit darating ang Espiritu Santo isang araw at ganito rin ang Kaniyang gagawin, (pag-alis Niya); ang magsalita laban Dito, ay hindi na mapapatawad sa mundong ito o maging sa darating." Tama ba iyon? Ngayon, mga Judio iyon.

Kaya isang araw kinailangan Niyang magtungo sa Samaria. Ngunit bago iyan, nakita natin ang babae, o ang —

59 ang lalaki, habang dumaraan Siya sa pintuan na kung tawagin ay Maganda, siya ay napagaling, at nalaman ni Jesus ang kalagayan niya, at sinabi Niya iyon sa kaniya. "Bitbitin mo ang iyong higaan at ika'y umuwi." At sinunod niya iyon, at siya'y gumaling.

Pagkatapos makikita natin na ang mga Judio, Ilan sa kanila ay nagsitanggap sa Kaniya. Ang ilan ay sumasampalataya; ang iba naman ay hindi. Bakit hindi nila iyon sinampalatayanan? Hindi kasi sila nakatalaga sa Buhay. Hindi sila bahagi ng katangiang lyon.

Ngayon, alalahanin, mga saserdote iyon at mga dakilang lalaki. At si Jesus. . . Isipin ninyo ang mga teologo at mga paring iyon, mga lalaking hindi ninyo kakikitaan ng kamalian sa kanilang buhay. Ang sabi ni Jesus, "Kayo ay sa inyong amang diablo, at ang mga gawa niya'y siya n'yo ring ginagawa." Ang sabi pa Niya, "Kung kayo'y sa Diyos, sasampalataya kayo sa Akin. Kung hindi n'yo magawang sumampalataya, sampalatayanan ninyo ang. . . sampalatayanan ninyo ang mga gawang ginagawa Ko; ang mga Ito ang magpapatotoo kung Sino Ako."

Ngayon sinabi ng Biblia, na, "Si Jesus ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man." Ang sabi ni Jesus, "Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ng sumasampalataya sa Akin." Tama ba lyon? Pansinin, lyon ang tunay na Meiquisedec.

60 Ngayon ay pansining muli, tatlo lamang noon ang lahi ng mga tao. Narinig ninyong sinabi ko, na naniniwala ako sa pagbubukod. Ganiyan nga ako. Lahat ng mga Cristiano ay naniniwala sa pagbubukod hindi ang pagbubukod ng kulay, kundi pagbubukod ng espiritu. Walang kinalaman ang kulay ng balat ng tao sa kaniyang sarili. Siya ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng kapanganakan. Ngunit ang isang Cristiano, ang sabi ng Diyos, "Ihiwalay ninyo. Magsilabas kayo sa kanila, at iba pa." Naniniwala Siya sa pagbubukod, ng karumihan, ng tama at mali.

Ngunit pansinin, may pagbubukod sila noon, isang pagbubukod ng lahi, at isa rito ang. mga Samaritano. At tatlo lamang ang lahi ng mga tao sa lupa; kung naniniwala tayo sa Biblia; iyon ay, ang lahi ni Cham, Sem, at Japhet. lyon ang tatlong anak na lalaki ni Noe. Doon tayo lahat nagmula. Tama. Nagpapakitang lahat tayo ay galing kay Adan, kaya magkakapatid tayong lahat. Ang sabi ng Biblia, "Ginawa Niya ang lahat ng mga bansa mula sa isang Dugo." Magkakapatid tayong lahat, sa pamamagitan ng daloy ng dugo. Maaaring salinan ng dugo ng isang itim ang isang puti, o kaya'y magkabaligtad. Maaaring salinan ng dugo ng puti ang Hapon, ang dilaw, o ang Indian, ang pula, o anupaman, o ang Japhanite, o anuman iyon. Maaari niya siyang salinan ng dugo, pagkat iisa ang ating dugo. Ang kulay ng ating balat, o kung saan tayo nakatira, ay walang kinalaman dito.

Ngunit tayo'y nabukod, nang tayo ay lumabas sa sanlibutan, tulad ng inilabas Niya ang Israel mula sa Egipto. Noon tayo nabukod sa mga bagay ng sanlibutan.

61 Ngayon, sila ay mga lahi ni Cham, Sem, at Japhet. At kung may oras tayong balikan ang mga salinglahi, makikita ninyo kung saan nanggaling ang Anglo-Saxon. Ngayon, iyon ang Judio, ang Samaritano, na mestisong Judio at Hentil, na nakipag-asawa sa mga Hentil sa kagagawan ni Balaam, at ng Moab. Mga Samaritano sila. At naroon din ang mga Judio at ang mga Hentil.

Ngayon, tayong mga Anglo-Saxon, wala tayong kinalaman sa aIin man sa mga bagay na iyon. Hindi tayo naniniwala sa anumang Mesiyas, o anuman. Hindi tayo nag-aabang ng Mesiyas. Nitong huli na lang tayo napabilang.

Naparito si Jesus para sa sariling Kaniya, at hindi Siya tinaggap ng Sariling Kaniya. At sinabi Niya sa mga alagad Niya, "Huwag kayong magtungo sa daan ng mga Hentil, bagkus ay magtungo kayo sa mga naliligaw na tupa ni Israel." At sa mga naliligaw na tupa lamang ng Israel Siya nagpunta. At masdan ninyo, ipinamalas Niya ang Sarili Niya bilang Anak ng tao sa harap ng mga Judio. Tinanggihan nila ito.

Ngayon, ang mga Samaritano, dahil sila ay mestisong Judio at Hentil, naniniwala rin sila, at naghihintay sa Mesiyas.

Hindi gaya natin. Mga hiteno tayo noon, na may pasang pambambo, sumasamba sa mga diyus-diyosan: gano'n ang mga Hentil.

62 Ngunit ngayon isang araw (sa San Juan 4), kinailangan Niyang dumaan sa Samaria, habang papunta Siya sa Jericho. Ngunit na — napadako Siya sa gawing Samaria. At habang patungo Siya roon, umupo Siya sa balon na nasa labas ng isang bayan na kung tawagin ay Sychar. At ang balon, kung nakarating na kayo roon, medyo tanaw na tanaw ninyo ang buong paligid doon, parang dito rin. At doon ay may pampublikong bukal ng tubig, kung saa'y nag-iigib silang lahat. At ang mga kababaihan ay nagpupunta roon sa umaga, dala ang kanilang mga banga ng tubig, at sinusunong nila iyon, at bukod pa ang sa magkabilang balakang, at pagkatapos ay lalakad silang dala ang mga iyon nang matuwid na matuwid, walang isa mang patak na natatapon; at nag-uusap pa sila. Kaya, nag — nagsisipunta roon ang mga tao.

Mga ikalabing-isa na iyon ng araw na lyon. Inutusan Niya ang mga alagad Niya sa bayan, upang bumili ng mga makakain, ng pagkain. At habang wala pa sila,

63 mayroon doong isang babaeng masama ang reputasyon. Marahil ang itatawag natin sa kaniya ngayon, ay isang "babaeng kabaret,"o babaeng bayaran. Masyado siyang maraming naging asawa. Kaya habang nakaupo roon si Jesus, lumabas ang babaeng ito, mga bandang ikalabing-isa. Kita n'yo, hindi siya makasabay sa kadalagahang nagpupunta roon nang maaga upang umigib ng kanilang panlaba; kailangan niyang maghintay hanggang sa ang lahat sa kanila ay.. . Hindi sila maaaring magsama katulad ng nangyayari ngayon. Markado siya. Kaya sa oras na lyon, lumabas siya upang umigib ng kaunting tubig, kaya't kinuha niya ang lumang ikitan, at ikinawit iyon sa banga, at sinimulan niyang ibaba iyon;

May narinig siyang nagsalita, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom." Ngayon, alalahanin, si Melquisedec ito. Si Jesus ito, kahapon, ang Anak ng tao. At lumingon siya, at nakita niya ang isang Judio. Kaya ang sabi niya, "Ginoo, hindi tamang humingi ang isang Judio ng anumang bagay sa isang Samaritana. Ako'y babaeng taga-Samaria, kaya't palagay ko'y wala ka sa lugar. Hindi ka dapat humingi sa akin nang ganiyan. Wala tayong pakikitungo sa isa't-isa.

Ang sabi Niya, "Ngunit kung kilala mo kung Sino ang kumakausap sa iyo, ikaw ang hihingi sa Akin ng inumin."

Ang sabi niya, "Paano Kang makasasalok? Malalim ang balon, at wala Kang pang-igib."

Ang sabi Niya, "Ang tubig na ibinibigay Ko ay tubig ng Buhay, na bumabalong tungo sa Buhay na Walang Hanggan."

Kinausap Niya siya hanggang sa malaman Niya kung ano'ng kalagayan niya. At pagkatapos ay — masdan ninyo kung ano ang sinabi Niya sa kaniya, "Humayo ka at kunin mo ang iyong asawa at pumarito ka."

At sumagot siya, "Wala akong asawa."

Ang sabi Niya, "Totoo ang sinabi mo, sapagkat lima na ang naging asawa mo, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Kaya, katotohanan nga ang sinabi mo."

Masdan ninyo ang kaibahan ng babaeng iyon sa lupon ng mga saserdoteng iyon. Mas marami pa siyang alam tungkol sa Diyos kaysa sa buong lupon na iyon ng mga saserdote, kahit pa pagsamasamahin sila.

64 Ang sabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta." Ang sabi pa niya, "Apat na raang taon na kaming walang propeta. Ngayon, alam naming ang Mesiyas ay darating. At kapag dumating ang Mesiyas, iyan ang kaniyang gagawin." lyon ang tanda ng Mesiyas, sapagkat Siya ang Anak ng tao. Ang sabi, "lyan ang gagawin Niya kapag dumating Siya. Ikaw nga ang Kaniyang Propeta."

Ang sabi Niya, "Ako nga." Walang ibang maaaring magsabi nito.

Inilapag niya ang banga ng tubig at tumakbo siya sa bayan, at nagsabi, "Magsiparito kayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki na nagsabi sa akin kung ano'ng ginawa ko. Hindi nga ba't ito na ang Mesiyas?"

Ngayon ay alalahanin, ipinangako Niyang gagawin Niyang muli iyon sa dulo ng lahi ng Hentil.

Apat na libong taon ang ipinaghintay ng mga Judlo sa Mesiyas, apat na libong taon ng pagtuturo na Siya ay darating, at kung ano ang gagawin Niya kapag dumating Siya, pagkatapos ay hindi nila Siya nakita, o hindi nila Siya nakilala. At nang ipakilala Niya ang Kaniyang Sarili ayon sa itinakda ng Biblia na gagawin Niya, nang Siya ay naging isang the- ophany at pagkatapos ay naging laman at nanahan sa kalagitnaan nila, hindi nila iyon nakita, at tinawag nilang mga gawa ng diablo ang Kaniyang mga gawa.

65 Ngayon, nagkaroon na tayo ng dalawang libong taon ng pagtuturo, sa ilalim ng simbahang Romano Catolico, nang mawala ang mga apostol. Pagkatapos ay dumating ang Romano Catolico, ang Griego, at iba pa, hanggang sa dumating ang panahon ni Luther, at ni Wesley, at kung ano pa, siyam na raang iba't-ibang organisasyon. Hanggang sa, ngayon ay taglay nila ang lahat ng katuruan ng mga kapanahunang ito.

Ngayon, ipinangako Niya, na bago dumating ang huling panahon, na ang larawan ng Sodoma at Gomorra ay muling. . "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman ang mangyayari pagdating ng huling panahon, muling ihahayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili." [Patlang sa tape —Ed.]

"Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; ngunit inyong makikita Ako, sapagkat Ako, (isang panghalip na panao), Ako ay sasama sa inyo, at sasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Sasamahan Ko kayo." Siya ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kita n'yo?

kita n'yo, ang Samaritano, sa katotohanan — batay sa sermon ko kagabi — ay si Agar, (Kita n'yo?), isang uring baluktot. Ang Judio ay si Sara, o maka-Sara. Ngunit ang Hentil ay tulad kay Maria, ang Makaharing Binhi, ang Makaharing Binhi ni Abraham.

66 Ngayon naipangako sa huling mga araw na ito, na ang Diyos ding ito, ang Cristo ring ito, ay magbabalik at ihahayag ang Sarili Niya bilang Anak ng tao.

Bakit? Tulad pa rin Siya kahapon, ngayon, at magpakailan man. At kung pinalampas Niya ang mga Judiong iyon — at ibinigay Niya sa kanila ang tanda ng Mesiyas, at pagkatapos ay darating Siya sa dulo ng pagtuturo ng mga Hentil at hahayaan Niya silang mapabilang sa pamamagitan ng teolohiya, hindi Siya magiging matuwid. Kailangang gawin Niya kung ano ang ginawa Niya noon, sapagkat ang sabi ng Biblia, sa ikalab- . . . sa Hebreo 13:8, "Siya ay tulad pa rin sa dati."

At ipinangako Niya sa Malakias 4, at sa lahat ng iba pang mga Kasulatan, na sa huling mga araw, ang iglesia ay masasadlak sa ganitong kalagayan gaya ng nagaganap sa araw na ito at sadyang magkakaganito ang mundo.

Tingnan ninyo ang mundo sa araw na ito. Tingnan ninyo ang kalagayan ng Sodoma. Tingnan ninyo ang mga paglindol sa iba't-ibang dako at ang mga bagay na nagaganap. Tingnan ninyo ang iglesia sampu ng kaguluhang kinasasadlakan nito doon sa Babilonia. Tingnan ninyo ang mensahero para dito, isang Oral Roberts at isang Billy Graham:

G-r-a-h-a-m, ito ang unang pagkakataon na nagkaroon tayo ng isang mensahero, para sa lahat ng iglesia na ang pangalan ay nagtatapos sa h-a-m, kagaya ng Abraham. Ang A-b-ra-h-a-m ay pitong titik; ang G-r-a-h-a-m ay anim na titik. Saan siya naroon? Sa sanlibutan. Ang anim na siyang bilang ng tao. Nalikha ang tao sa ikaanim na araw? Ngunit ang pito ay bilang ng Diyos.

67 Ngayon, tingnan ninyo sila roon sa Sodoma. At naroon ang kanilang mga mensahero na nangungusap sa kanila. Ngunit nasaan naman kaya ang makaharing Binhi ni Abraham? Nasaan ang kanilang tanda na Kaniyang sinabi, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma," na ang Diyos ay bumaba at nahahayag sa laman ng tao, at sinabi Niya kung ano ang saloobin ni Sara sa loob ng toldang nasa likuran Niya, ang huling tanda bago tupukin ng apoy ang daigdig na iyon ng Hentil? At taglay na ng Iglesia ang huling tanda nito bago tupukin ang buong mundong ito, bago matupok ang Kahariang Hentil na ito sa apoy at sa poot ng Diyos. Naniniwala ba kayo doon?

Ang Meiquisedec na iyon ay laman, kinatawan Niya ang Kaniyang Sarili sa isang katawang tao; at pagkatapos, noong huli ay nahayag Siya sa laman. At ngayon, sa gabing ito. Siya ay tulad pa rin, kahapon, ngayon, at magpakailan man. Naniniwala ba kayo?

Sino nga ba itong si Meiquisedec, na Siya ring kahapon. walang ama, walang ina; walang pasimula ng mga raw; walang katapusan ng buhay. At kinatagpo Niya si Abraham, at ano'ng tanda ang ipinamalas Niya? Nang magkatawang tao Siya noon, sinabi Niya na mauulit iyong muli sa huling panahon. Pinaniniwalaan ba ninyo iyan? Naniniwala ako riyan. Manalangin tayo.

68 Mahal na Diyos, sinasampalatayanan ko ang mga Kasulatan, na sinabi Mong Ikaw ay "tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man." At taos sa aking puso, Panginoon, alam kong may napipintong maganap. Hindi ko iyon matukoy nang lubusan. Natatakot akong magsalita ng anuman, Panginoon. Alam Mo ang puso ng iyong lingkod.

At napakaraming pagkakataon, sa buong kapanahunang nagdaan na nang magsugo Ka ng mga bagay-bagay, nabigo iyong makuha ng mga tao. Sa tuwina'y pinupuri ng tao ang Diyos dahil sa Kaniyang ginawa, at sinasaysay kung ano'ng mga dakilang bagay ang gagawin Niya, ngunit winawalangbahala nila kung ano ang kasalukuyan Niyang ginagawa. Laging ganito ang nangyayari sa buong kapanahunan. Bakit hindi nakita ng simbahang Romano na si Saint Patrick ay propeta ng Diyos? Bakit nila pinatay si Joan of Arc samantalang i — isa siyang propetisa, at sinunog siya bilang isang mangkukulam? Ama, sa tuwina'y nakalalampas Ito. Itinatago Mo ito sa mata ng mga pantas at marurunong. Hindi katakatakang sinabi Mo ito sa mga saserdoteng iyon, "Ginagayakan ninyo ang libingan ng mga propeta, samantalang kayo ang naglalagay sa kanila roon." Pagkatapos nilang pumanaw, saka nila nakikita ang kanilang pagkakamali. Lagi Ka nilang inuusig, Panginoon, sa anumang anyo Ka dumating.

69 Nananalangin ako, ngayong gabi, Diyos, minsan pa. Bukas nakatakda kaming mag — magtungo sa Tucson. Sa iba pang mga bahagi ng mundo, sa iba pang mga bayang dapat naming pangaralan. Ngunit, Mahal na Diyos, marahil ay may mga estranghero dito ngayong gabi na nakarinig na ng pangangaral ng Salita, ngunit hindi pa nila ito nakikitang naipapamalas.

Tulad ng hiniling ko sa Iyo sa pasimula. . Nang ang mga alagad, sina Cleofe at ang kaniyang kaibigan, ay manggaling sa Emmaus, naglalakad sila sa daan, at pagdaka'y lumabas Ka mula sa kakahuyan at nagsimula Kang mangusap sa kanila, pagkatapos ng pagkabuhay na muli, nangaral Ka sa kanila. Aba, ang sabi Niya, "Oh mga taong haling, at makukupad ang puso. Hindi baga ninyo nalalamang kailangang

danasin ni Cristo ang mga bagay na ito, bago Siya pumasok sa Kaniyang kaluwalhatian?" Ngunit hindi pa rin nila iyon napagkilala. Maghapon silang lumakad na kasama Mo, at hindi Ka pa rin nila nakilala. Ngunit isang gabi.

Pagsapit ng gabi; pinilit Ka nilang tumuloy. Nang pumasok sila sa munting tuluyang iyon at nang maipinid ang mga pinto, nang magkagayo'y gumawa Ka ng isang bagay na katulad ng ginawa Mo bago ka ipako sa krus, at napagkilala nila na iyon nga ang nagbangong Cristo. Sa ilang sandali, ay naroon Ka na sa likod Ka ng kurtina at biglang naglaho. Dali-dali silang nagsitakbo at sinabi nila sa mga alagad, "Ang Panginoon ay totoo ngang nagbangon."

Amang Diyos, naniniwala akong Ikaw nga ay nabubuhay pa rin hanggang ngayon. Nalalaman kong gayon Ka. At pinatunayan Mo iyan sa amin sa maraming pagkakataon. Maaari bang gawin Mo lyon sa amin minsan pa, Panginoon? Kung nakasumpong kami ng biyaya sa lyong paningin, itulot Mong mangyari itong muli. Ako ay lingkod Mo; ang ibang mga naririto ay lingkod Mo rin naman. Panginoon, lahat nang sinabi ko ay hindi magkakaroon ng. . . Isang salita lang mula sa Iyo ay magiging higit kaysa sa lahat ng mga sinabi ko sa limang gabing ito — o sa limang mga mensahe ko. Makahihigit ito, isang Salita lang mula sa Iyo. Maaari bang mangusap Ka, Panginoon, upang malaman ng mga tao na ang sinabi ko sa kanila ay Katotohanan? Itulot Mo po, Diyos. Hiling ko ito sa Ngalan ni Jesus, ang isa pang pagkakataong ito. Amen.

70 Ngayon, hindi ko kayo kilala; mayroong ilan dito na nakikilala ko. Kilala ko ang batang lalaking ito na nakaupo rib. Kilala ko si Bill Dauch na nakaupo riyan. Nais kong. . Narito si Brother Blair, si Rodney Cox. Mahirap makita ang nariyan sa malayo. Sa bandang ito sa kasalukuyan ay wala akong makitang sinuman, na talagang kilala ko.

Ngayon ilan ba sa mga naririto ang nakaaalam na ako'y isang estranghero sa inyo? Itaas ninyo ang inyong mga kamay, kayong nakaaalam na wala akong nalalamang anuman tungkol sa inyo, itaas ninyo ang inyong mga kamay sa magkabilang panig.

Ilan ba rito ang may karamdaman, o anumang bagay na hindi ko nalalaman? Maaari bang itaas ninyo ang inyong mga kamay. Ngayon, hinding-hindi, talagang hinding-hindi ko maaaring malaman ang anumang bagay tungkol sa inyo. Maliban na lang kung ito'y manggaling sa pahayag ng Espiritu.

At dahil sinabi ko sa inyo sa nakaraang mga gabi, at ngayong gabi, na hindi Siya patay; Siya ay naririto, at nangako Siyang muli Niya itong gagawin. At nangako Siya na magkakaroon ng panahon sa huling mga araw, ayon sa Malakias 4 at ayon sa San Lucas, na muli Siyang magpapakita sa anyo ng tao sakalagitnaan ng Kaniyang bayan at gagawin Niya kung ano ang ginawa Niya noon, at ihahayag Niya ang gayon ding bagay, ang gayon ding tanda ng Mesiyas. Ilan ba ang nakaaalam sa inyong mga nagbabasa ng Biblia, na iyon ang Katotohanan? Sabihin n'yo, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen." — Ed.] Lahat marahil kayo ay nagbabasa ng Biblia.

Ngayon, alam kong banyaga ito sa mga tao ngayon, ngunit Ito pa rin ang Katotohanan. lyon ang dahilan kaya hindi nila nakilala si Jesus na tagaNazaret. Alam nila ang mga kredo ng kanilang mga simbahan, ngunit hindi nila Siya nakilala. Ngunit dumating Siya ayon sa sinabi ng Biblia; hindi Siya tinanggap ng mga sariling Kaniya.

71 Ngayon, kung tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita, at kung mangyaring . . . magkataong mapili ang isang taong kakilala ko, kung magkagayo'y kukuha ako ng iba. Kita n'yo, ang gusto ko ay isang taong hindi ko kilala. At nais kong manalangin kayo.

Ngayon, tingnan ninyo, minsan ay may isang babaeng may karamdaman. Naubos na niya ang pera niya sa mga doktor; hindi nila siya matulungan. At sinabi niya sa kaniyang puso, "Kung mahihipo ko lang ang damit ng Lalaking lyon, gagaling ako." Naaalala ba ninyo ang kuwento? At pinigilan siya ng labat, ngunit nakipaggitgitan siya hanggang sa mahipo Niya ang Kaniyang damit, nagbalik siya at naupo.

Ngayon makinig kayo nang husto. At nang gawin niya lyon, pumihit Si Jesus at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?" 180 Aba, sinaway Siya ni Apostol Pedro. Marahil ganito ang sinabi niya, "Panginoon, huwag kang magsalita ng ganiyan. Iisipin ng mga tao na may kung anong mali sa Iyo. Sapagkat, nang utusan Mo silang kanin ang iyong laman at inumin ang Iyong Dugo, iniisip na nilang may kung anong mali. At pagkatapos ngayon ay sasabihin Mo, 'Sinong humipo sa Akin?' Aba, hinihipo Ka ng lahat ng mga tao."

Ang sabi Niya, 'to nga, ngunit nalaman kong may birtud na lumabas sa Akin." Kakaiba ang hipong iyon. Ngayon, alam ng lahat na ang birtud ay kalakasan. "Nanghihina Ako; may lakas na lumabas sa Akin."

At nagpalingalinga Siya sa mga nakikinig hanggang sa masumpungan Niya ang babae, at sinabi niya sa kaniya ang tungkol sa pag-tagas ng kaniyang dugo. At nadama niya sa kaniyang katawan na ang pag-agas ng dugo ay huminto na. Tama ba iyon? At ang sabi Niya, "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya."

Ngayon, ang Salitang Griego roon ay sow, na walang pasubaling nangangahulugang "naligtas maging sa pisikal o sa espirituwal na kalagayan." Siya ay "naligtas". Siya ang — siya ang inyong Tagapagligtas.

72 Ngayon, kung ganoon Siya kahapon, at ganoon Siya kumilos, upang patunayang naroon Siya sa kalagitnaan ng mga tao, ang pinangakong Mesiyas; at ganoon Niya ipinakilala ang Kaniyang Sarili, at ipinangako Niya sa pamamagitan ng Biblia, na gayon din ang gagawin Niya ngayon; hindi Niya kaya — hindi ba't kailangang iyon din ang gawin Niya?

Sasabihin mo, "Sinabi ba Niya ang tungkol sa pagpapagaling ng maysakit?" Oo. Ang Hebreo, ang Kasulatang kababasa ko pa lamang, ang nagsabi na si Jesus Cristo ngayon ang ating Punong Saserdote na maaaring mahipo ng ating kahinaan. Ilan ba ang nakaaalam na ito'y totoo? Sinabi iyan ng Biblia. Siya ngayon ang Punong Saserdote na maaaring mahipo ng ating kahinaan, paano nga ba Siyang kikilos ngayon? Kakailanganin Niyang kumilos ng katulad ng ginawa Niya noon, kung Siya rin ang Punong Saserdoteng iyon. Ngayon, maaari ninyong . . .

Hindi ako ang inyong punong saserdote. Maaari ninyo akong hipuin, at magiging tulad lang iyan ng paghipo sa inyong asawang lalaki, o sa inyong kapatid na lalaki, o kanino man, sa isang tao.

73 Ngunit hayaan ninyong mahipo Siya ng inyong pananampalataya, at masdan ninyo kung ano'ng mangyayari. Ngayon, kung ako'y Iingkod ng Diyos at isinaysay ko sa inyo ang Katotohanan, ibibindika Niyang ito nga'y Katotohanan. At ito ay magpapatunay na si Jesus Cristo ay nabubuhay pa rin ngayong gabi, nakatayo Siya rito. Tama ba lyon?

Ngayon, manampalataya kayo, isang panig lang sa isang pagkakataon, isang panig lang. Manampalataya kayo diyan sa malayo. (Makabubuting manatili ako rito sa mikropono, sapagkat hindi nila ako marinig).

Tumingala ka lang sa Diyos, at sabihin mo, "Diyos, hindi ako kilala ng lalaking Ito. Wala siyang nalalamang anuman tungkol sa akin. Ganap akong estranghero sa kaniya. Ngunit hayaan Mong mahipo Ka ng aking pananampalataya, Panginoon. At nalalaman Mo ang nangyayari sa akin, Panginoon. Alam Mo ang lahat tungkol sa akin. Kilala Mo kung sino ako, kung papaanong nakilala mo si Pedro noon, tulad nang nakilala Mo si Natanael, tulad nang natukoy Mo kung ano'ng suliranin ng babaeng inaagasan ng dugo. At sinasabi sa akin ng lalaking ito na Ika'y tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kung gayon, Panginoon, hayaan Mong mahipo Ka ng aking pananampalataya."

At kung gagawin Niya iyon, at patutunayan nang walang pagkakamali ang Kaniyang Sarili dito, ilan ba sa inyo ang sasampalataya sa Kaniya nang buong puso kung gagawin Niya iyon sa kahit isa lang, o dalawa, o tatlong katao, bilang isang — isang saksi. Pagpalain kayo ng Diyos.

74 Ngayon, Amang Diyos, ito ay walang pasubaling labas na sa kamay ng sinumang tao. Kakailanganing maging isang sobrenatural na pangyayari ito. Kaya idinadalangin ko na tulungan Mo ako ngayon, Panginoon. Ako'y nasa lyong mga kamay. Gawin Mo sa akin kung ano'ng nakikita Mong nararapat. Sa Ngalan ni Jesus. Amen.

Ngayon, huwag kayong kakabahan. Sabihin lang ninyo nang buong pagpapakumbaba, buong paggalang, "Panginoon, paglilingkuran Kita. At magiging Katotohanang. . . kung mahihipo ko lang ang Iyong damit, kung gayo'y tumugon Ka sa pamamagitan ng lalaking iyon. lyon ang magpapatunay sa akin na katotohanan ang sinabi niya." Tama ba lyon?

Ilan ba ang nakakita na ng larawan ng Liwanag na lyon? Ito'y sa buong bansa, sa lahat ng dako. Kinuha iyon ng siyensiya at sinuri sa lahat ng dako. Ngayon, naririto na Siya, Siya rin iyong naghayag ng tungkol sa Kasalan at Diborsiyo, Siya rin iyong nasa ibabaw ng bundok, na yumanig sa mga burol na naroroon, Siya rin ang naririto noon sa ilog noong 1933, Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Siya'y gayon pa rin.

75 Ngayon, hayun ang isang babae, at napagkilala niya ngayon na may isang bagay na nangyari. Ang Liwanag na iyon ay nakalutang sa kaniyang ulunan. Dito siya nakaupo, siya'y. . . Naka-berdeng pangginaw, o anuman iyon. Hindi ko kilala ang babaeng ito. Sa palagay ko'y estranghero kami sa isa't-isa. Tama. Naniniwala ka ba na ang Diyos. . . Nangangailangan ka ng isang bagay, at naniniwala ka ba na magagawang ihayag sa akin ng Diyos kung ano'ng karamdaman mo? At kung gagawin Niya lyon, kung magkagayo'y alam ninyo na kakailanganin nitong maging kapangyarihang sobrenatural, sapagkat hindi kita kilala. At kakailanganin nitong dumating sa pamamagitan ng sobrenatural.

Depende na lang ito kung ano ito sa palagay ninyo. Maaari kayong pumanig sa mga saserdote, at tawagin itong sa diablo, o kaya'y maaari kayong pumanig sa mananampalataya at tawagin itong Diyos. Alin man ang inyong paniwalaan, doon manggagaling ang inyong gantimpala.

Kung ihahayag sa akin ng Diyos ang iyong karamdaman, tatanggapin mo ba Siya bilang ka — katubusan mo para sa karamdamang iyon? Hindi ko alam kug ano ang karamdamang iyon. Ngunit alam ko,

at alam mo na may isang bagay na nagaganap.

Ngayon, hayaan mo lang ngayon na sabihin ko sa iyo kung ano ang iyong nararamdaman, at kung magkagayo'y malalaman mo, isang tunay na mainit, kalugud-lugod, maginhawang pakiramdam. Tinitingnan ko ito nang direktahan. Ang Liwanag, ang madilaw na Liwanag na nakabitin sa ulunan ng babaeng ito.

At ang babaeng ito ay may karamdaman sa kaniyang sikmura. Tila mga bukol ito, tulad ng, sa bituka. Hindi siya tagarito. Taga malayo ka, hindi ba? Tama. Taga-Wisconsin ka. Tama ba lyon? Siyanga. Ngayon, magaling ka na. Pinagaling ka na ng iyong pananampalataya.

Ngayon sabihin ninyo sa akin kung sino ang nahipo ng babaeng Ito? Dalawampu't limang yarda ang layo ko sa kaniya. Si Jesus Cristo ang nahipo niya, ang Punong Saserdote. Naniniwala ba kayo?

76 Tinitingnan ko ang isang babaeng nakausap ko. Ang babaeng ito, tinitingnan ko siya, pagkat siya ay nananalangin nang marubdob para sa isang lalaki. Sinabi niya sa akin na may lalaki siyang. . . Wala siyang sinabing anuman sa akin tungkol dito.

Ngunit aug pangalan niya ay Gng. Waidrop. Taga-Phoenix siya. Siya ay binuhay mula sa mga patay, at ang doktor niya ay dumating dala ang mga x-ray na nagpakita ng kanser sa puso. Namatay siya sa hanay ng panalangin. Gaano katagal na ba iyon, Gng. Waidrop? Labingwalong taon na, at nakaupo siya riyan ngayong gabi, isang buhay na patotoo. Nagpunta ang doktor niya sa gawain, dinala ang.. . Ang sabi, “Paano pang mabubuhay ang babaeng Ito?” Ngunit hayan siya, at wala nang bakas niyon.

May tao siyang dinala, at nananalangin siya para sa kaniya. Ngayon, naghihingalo na siya gawa ng diabetes. Ngayon, alam ko 'yan. Ngunit dahil nananalangin ka. . . Alam mong hindi ko siya kilala, Gng. Waidrop. 195 Siya ay taga-Missouri, at ang pangalan niya ay G. Cooper. Tama. Ngayon, naniniwala ka ba? Maaari na po kayong umuwi at magaling na.

77 Narito ang isang babae, at may hika siya, may mga kumplikasyon. Hindi siya tagarito. Nakaupo siya roon sa karamihan. Umaasa akong makukuha niya. . . Hindi siya tagarito. Taga-Georgia siya. Bb. McKenny. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo, sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Tumayo ka, kung ika'y estranghero sa akin at kung iyan ay totoo. Pinagaling ka na ni Jesus. Sumasampalataya ka ba?

Sa likuran ko, may isang lalaking nakaupo sa likuran ko. Inaabot niya ang Diyos. At ang ninanais niya, may sanggol siyang may sakit sa puso. At ang sanggol ay may heart murmur, iyon ang sabi ng duktor. At ang pangalan ng lalaking iyon ay G. Cox. Tumayo ka, G. Cox. At sinabi Niya kay Sara kung ano'ng inilsip niya, sa Kaniyang likuran.

Doon sa kabila ng pasilyo sa tapat niya, sa gawing likuran ay may isang lalaking hindi tagarito, kundi taga-New Mexico. Ngayon ko lang siya nakita sa tanang buhay ko. Nakatingin ako sa kaniya ngayon: nasa likuran ko siya. Taga-New Mexico siya. At interesado siya sa isang babae, at ang babaeng iyon ay may karamdaman sa kaniyang bibig. Ito'y isang. . . Ang ngala-ngala niya ang may problema. At ang pangalan ng lalaking ito ay G. West. Maaari bang tumayo ka, ginoo. Lubos akong estranghero sa kaniya, ngunit pagagalingin ng Panginoong Diyos ang kaniyang anak.

78 Sumasampalataya na ba kayo ngayon nang buong puso n'yo? Ilan sa inyo ngayon ang sumasampalataya nang buong puso n'yo? 199 Ngayon, hindi ba't hindi pa rin nagbabago si Jesus Cristo kahapon, ngayon, at magpakailan man? Tinatanggap na ba ninyo Siya ngayon bilang Tagapagligtas? Itaas ninyo ang inyong mga kamay. Sinasampaiatayanan ba ninyo Siya bilang Tagapagpagaling?

Heto, narito ang isang tao, lumpo siya o kung ano, nakahiga sa isang tiheras. Naririnig mo ba ako sa pamamagitan ng rnikroponong Ito? [Narinig mo ba ako -Ed.] Hindi kita kilala. Ang alam ko'y isa kang babaeng nakahiga niyan. Kung kaya kitang pagalingin, gagawin ko. Hindi kita kayang pagalingin.

Tama. Isa iyong lalaking nagagalak. Gumaling kasi ang anak niya.

Hindi kita kilala. Isa kang babae, at isa akong lalaki. Ito ang unang pagkakataong nagkita tayo, sa palagay . . .?. . . Ang mga taong ito, na nagdala sa iyo. Ang totoo ito ang unang pagkakataon na ika'y naparito; may nagdala sa iyo rito. Malayo ang pinanggalingan mo. May anino ng kamatayan sa iyo. May kanser ka. Hindi ka lumpo. Kanser iyan. Hindi ka na matutulungan pa ng mga duktor. Totoo iyan. At tiyak nang mamamatay ka, wala nang magagawa ang mga duktor na iyon para sa iyo.

Minsan ay may tatlong ketongin na nakaupo sa lagusan ng Samaria. At ang sabi ng mga ketonging iyon, “Bakit tayo uupo rito hanggang sa mamatay tayo nito, sapagkat nangamamatay ang lahat ng mga bata sa gutom, at kinakain nila ang mga anak-anak nila. Ang sabi nila, ”Kung pupunta tayo sa kampo ng mga kaaway, ng mga Siriano; kung papatayin nila tayo, mamamatay rin naman tayo. At kung paliligtasin nila tayo, mabubuhay tayo.“ At nakipagsapalaran sila. At, sa pamamagitan ng pananampalatayang iyon,

hindi lang nila nailigtas ang kanilang sarili kundi ang buong grupo nila.

Ngayon, mamamatay ka na; hindi ka na mabubuhay. Ngunit hindi ka inuutusang magtungo sa kaaway. Datapuwa't inaanyayahan ka sa Tahanan ng Ama . . . ? . . .

79 Mamamatay ka na dahil sa kanser. Hindi ka maaaring mabuhay malibang tulungan ka ng Diyos. Hindi ka tagarito sa siyudad na ito, malayo ang pinanggalingan mo. Taga-Milwaukee ka. Totoo iyon. Tama iyon. Taga roon ka, alam ko. Tama.

Sumasampalataya ka ba? Tatanggapin mo ba ang Diyos ngayon bilang tagapagpagaling mo? Kung gagawin mo iyan, gaano ka man kahina, gaano man ang pagkakaratay mo sa higaan, kung ako sa iyo, magbabangon ako sa Ngalan ni Jesus Cristo, at kukunin ko ang tiheras na iyan at uuwi ako, at mamumuhay sa kaluwalhatian ng Diyos. Susundin mo ba ako bilang propeta ng Diyos? Kung gayo'y tumayo ka at umuwi, gumaling ka na. Gumaling ka na! Huwag kang matakot, tumayo ka sa tiheras na iyan; pagagalingin ka ng Diyos. Kita mo?

Alalayan n'yo siya upang makatayo siya at makakuha ng lakas. Sumasampalataya ka ba sa Diyos? Hayaan Lang ninyo siyang makakuha ng kaunting lakas; gagaling na siya. Ganiyan nga, sister. Hayan siya, sa Ngalan ng Panginoong Jesus. 206 Magsitayo tayo at papurihan natin ang Diyos. Siya ay tulad pa nin kahapon, ngayon, at magpakailan man . . . ?. . . pagpalain kayo ng Panginoong Jesus Cristo . . . ? . . .

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7